UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
MAY 20 1957

Magasin ng
BAGONG Buhay

Indexed ALA

MAYO 19, 1957



MELITA DE LEON
Bituin ng Premiere

# SA NAYON NG MGA MANGINGISDA




*Ang lambat na ito ay siyang ginamit ng mangingisdang naghihila ng bangka na kararating lamang buhat sa paligid-ligid ng look ng Maynila. Makikitang masayang sumasalubong sa kanya ang ilang bata ng nayon ding iyon.*

TUWING HAPON, sa pagitan ng ikalima at ika-anim, ay nakatutuwang malasin ang mga mangingisda na natitipon sa aplaya ng Tangos, isang maliit na nayon ng Nabotas, Rizal. Abala ang bawa't isa sa mga iyon sa paghahanda ng kanilang mga gagamitin sa pagtungo nila sa laot. Inaayos nila ang mga layag, ang lahat ng uri ng panghuli ng isda, gayon din ang kanilang mga sulo at ang mga pagsisidlan ng kanilang mga huli.

Humigit-kumulang sa dalawampu katao ang nagsasama-sama sa pagtungo sa dagat. Kung minsan, sila'y nakararating sa Bataan, sapagka't may panahong kakaunti lamang ang kanilang nahuhuli sa paligid ng look ng Maynila. Sa mga pamilihan sa karatig-bayan at sa Maynila inihuhulog nila ang kani-



*Ibinibilad muna ng dalawang araw ang mga isdang ito na oras-oras ay binabaligtad upang maging pare-pareho ang pagkakatuyo.*



*Ang mga bangkang may layag ay siyang malimit dalhin ng mga mangingisda sa laot.*



*Pinagtutulungan ng magkakanayon ang pagbubukud-bukod ng mga isdang nahuli ayon sa uri ng mga ito.*

MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY.


Tanggapan at pasulatan: 209 Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon.

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

Kagawad: GREGORIO R. FLORENCIO Sa sining: PETE VENEZUELA

lang mga huli. Umaabot sa anim na raang piso ang kanilang napapagbilhan sa iisang labas lamang. Ayon sa kanila, hindi bumababa sa dalawang daang piso ang kinikita nila sa tuwing sila'y pasasalaot.


Halos ay sa pangingisda lamang nagbubuhat ang kabuhayan ng mga mamamayan sa munting nayong ito. Maluwalhating nagdaraan ang mga araw sa kanilang buhay na ang tanging naiiwan sa kanila ay ang katahimikan at kasiyahang loob. Pagkatapos nilang maiayos ang mga bagay na ginamit nila; sila'y namamahinga at wala nang iba pang hahangarin kundi ang pagsapit na muli ng hapon at ang pagtanaw sa panibagong kapalarang kanilang kakaharapin. —M.M.




*Matapos gamitin ang mga lambat ay hinuhugasan at ibinibilad upang maihanda para sa hapon ding yaon.*



*Upang matiyak ng mangingisdang ito na wala na siyang nakakaligtaang sira, ang lambat ay inilatag sa lupa at sinuri ang mga bahaging natahi na niya.*



*Abala sa pagkakatam ng bangka ang mangingisdang ito. Ang mga nabili niyang mababababaw na bangka ay pinapatungan upang hindi madaling mapasukan ng tubig.*



*Dahil sa malabis na kapaguran at puyat nang sinundang gabi, makikitang namamahinga ang mga mangingisda. Pagkatapos na manauli ang dating siglâ ng katawan, sila'y muling magsisitungo sa dagat pagsapit ng dapit-hapon.*

BOSCH Supertone Horn
calls attention — reduces danger
PETER TRADING CO., LTD.
Authorized Sales & Service Agents for ROBERT BOSCH GMBH GERMANY
745 ANDA, INTRAMUROS • MANILA • TEL. 3-61-87
BOSCH GERMANY SERVICE

# UPANG MAIWASAN ANG MALIMIT NA PATAYAN...

**MAY MAGAGAWA ANG PAMAHALAAN UPANG MASUGPO ANG MGA PATAYAN LALO NA KUNG PANAHON NG HALALAN**

ANG PATAYAN ay isa nang karaniwang tanawin simula pa noong lalangin ang mundo. Ito'y tila hindi maiiwasan ng tao, pagka't bahagi ng madilim na mukha ng buhay.

Maraming nagiging sanhi ng patayan. Kung minsan ay dahil sa salapi, sa pag-ibig, sa inggit, sa panibugho, sa pagbababangong-puri, sa paghihiganti... at maraming iba pang dahilan. Ang pagpapatayan ay nagaganap sa iba-ibang paraan: kung minsa'y sa pamamagitan ng baril, patalim, kamay at maraming iba pa.

Noong mga unang panahon, ang pagpapatayan ng mga tao ay nagaganap sa mga paraang tulad ng nabanggit sa unahan, kalimita'y sa pamamagitan ng patalim.

Subali't nitong mga huling araw, mula nang matapos ang ikalawang digmaang pandaigdig, ang pagpapatayan ng tao ay halos sa iisang paraan na lamang nasasaksihan: sa pamamagitan ng baril at punlo. Bihira ang nagpapatayan sa pamamagitan lamang ng kamay o ng patalim.


Kung bakit nagkaganyan, ay alam na marahil ng lahat. Buhat pa noong liberasyon, ang mga baril at iba pang sandatang pumuputok ay lumaganap sa Kapuluan. Hindi mabilang na tao ang nakapag-iingat ng sandatang pumuputok, na karamiha'y hindi naman maipaliwanag kung saan nagbuhat. At nang mga araw na yaon ay naging maluwag ang pamahalaan sa pagpapahintulot na makapag-ingat ng sandata ang isang tao, kahit wala sa kalagayang mag-angkin niyon. Hindi rin gumamit ng tinatawag na "kamay na bakal" ang ating gobyerno sa mga taong labag sa batas na nag-iingat ng mga sandata, aywan kung sa kapabayaan o sa anong tunay na dahilan. Kaya nga panay ang harangan, ang looban at ang kagalitan na kadalasa'y humahantong sa kakila-kilabot na mga patayan.

Nito na lamang mga huling araw lubusang napagbuhusan ng pansin ang bagay na iyan. At saka lamang ganap na naghigpit sa mga taong nag-iingat, nang walang pahintulot, ng mga sandatang pumuputok.

Gayonpaman, hindi pa rin masasabing ganap na ngang nakapangyayari ang batas tungkol sa bagay na ito. Sa kasalukuyan, marami pa rin ang mga may rebolber at baril na walang pahintulot ang mga maykapangyarihan. At kaya lamang matuklasan ay kung may mangyaring patayan, harangan o nakawan, na ang mga salarin ay matagpuang may taglay na mga sandatang ito.

Hindi pa nga ganap na masamsam ng mga maykapangyarihan ang mga sandatang pumuputok na nagkalat pa sa maraming dako at iniingatan ng maraming tao. At kung kailan lubusang malilikom ang mga ito, panahon la·

(*Sundan sa pah. 31*)







Kilalanin ang dati nang napagtitiwalaang kaibigan ng mga manghihitit kahit saan ang sigarilyong BRIGHT LEAF! Kung hindi pa ninyo nasusubok ang kainaman ng BRIGHT LEAF, iminumungkahi naming subukin ang isang kaha ngayon!

Maiibigan ninyo ang nakasisiyang dulas at natatanging malinaw na ginintuang dahon ng tabakong Virginia nito. Madadama ninyong ang paninigarilyo ng BRIGHT LEAF ay isang tunay na kasiyahan!

Kilalanin ang BRIGHT LEAF ngayon!

U. S. TOBACCO CORPORATION
24th & Boston Sts., Port Area, Maynila



Galak na galak ang ilang kabataang ito sa isang bayan sa Samar samantalang nagpapakuha ng larawan sa piling ng yumaong Pangulong Magsaysay.

***Sa mga bakas ni Magsaysay***

# NAIIBANG KADAKILAAN

**BAKIT** lubhang napamahal ang yumaong Pangulong Ramon Magsaysay sa karaniwang mga mamamayan?

Sapagka't nagpamalas siya ng higit na pagmamalasakit sa kapakanan ng mga dukha, bunsod ng pananalig sa katotohanang "...hindi mabubuhay ang isang bansa nang walang ligtas na sandigan ng maririwasa at nasisiyahang sambayanan."

Ginugol ni RM ang malaking bahagi ng kanyang panahon sa pagdalaw sa mga tanggapan ng pamahalaan, sa mga nayon, sa mga pamilihan.

Upang matiyak ang halaga ng mga bilihin, walang kaabug-abog na nagtungo si RM sa palengke ng Dibisorya noong gabi ng Marso 4, 1954.

Parang mamimiling itinanong niya kay Gng. Gloria Pabilona, isang tindera, ang halaga ng bigas. At nang sabihin niyon na ₱.80 hanggang ₱.85 isang salop ng makan ay nasiyahan si RM.

Nguni't lalong nasiyahan si RM nang malamang hindi tumaas ang halaga ng karne kahit ipinagbawal niya ang pagkatay ng kalabaw.

"Ang pamahalaan ay handang gumawa ng marahas na hakbang upang tulungan ang madla sakaling tumaas ang halaga ng bigas at iba pang pangunang paninda," ani RM.

Nangako rin siya na kikilos ang pamahalaan laban sa mga mamamakyaw na nagpapataas ng halaga ng mga produkto sa hangad magtubo nang malaki, bagay na ikinapipinsala ng mga nagtitingi at ng madla.

Inusisa ni RM ang mga tindera kung may suliraning nangangailangan ng tulong ng pamahalaan ang paglutas.

Sa pangunguna ni Gng. Florencia Sunga ay idinaing ng mga tindera na halos nasasarili ng mga Intsik ang pagbibili ng karne.

"Magtatag kayo ng samahan

(*Sundan sa pah. 6*)



**Pagkahalal na Pangulo'y ibinunsod ni RM ang pagbabagong-tatag sa Manila Railroad Company upang mapalawak ang mga daang-bakal sa Kapuluan, lalo na sa Timog. Makikitang nagpapaliwanag si RM sa mga pinuno at kawani ng Perokaril.**



# Mga Liham at Payo... ni Marissa

### HINDI MAKATARUNGAN

*Ako po ay isang guro sa isang lalawigang may kalayuan sa Maynila. Mayroon po akong isang kaibigan sa panulat na ayon sa kanyang pagtatapat ay binata at guro ring katulad ko noong araw nguni't ngayon ay naglilingkod sa hukbo at nakadestino sa Kampo Crame.*

*Ang kaibigan ko pong ito ay nakapalagayang-loob ko sa pamamagitan ng mga liham lamang may mahigit nang isang taon ngayon. Ipinaalam po niya sa akin ang kanyang naiibigan at inaayawan kaya't nasabi kong wari ay nagkakaisa kami ng paniniwala at mga layunin sa buhay.*

*Kamakailan po'y tumanggap ako ng liham sa kanya na nagtatapat na ng kanyang "loobin" sa akin at hangad niyang ihatid ako sa dambana. At ito po'y sinundan ng ilang liham pa uli na sumasamo. Mahal ko po siya, nguni't hindi ko ibig ipaalam sa kanya ang aking damdamin. Hindi pa po ngayon sapagka't ang ibig ko'y makita ko siyang personal bago ko siya sagutin.*

*Nais ko pong subukin ang kanyang katapatan at dahil dito ay binabalak kong sabihin sa kanyang iwan na niya ang kanyang gawain sa hukbo at bumalik na uli siya sa pagtuturo. Sa palagay po kaya ninyo'y susundin niya ang aking kahilingan? At kung siya po naman ay tumanggi, ipagpapatuloy ko pa po ba ang damdamin ko sa kanya?*

*—LUZVIMINDA*

MAHAL KONG LUZVIMINDA:

Pinupuri ko ang pasiya mong hindi siya bigyan ng tiyak na kasagutan samantalang hindi mo siya nakakaharap nang personal. Walang kabutihang maidudulot sa iyo ang ipalagay mong ikaw ay nakikipag-ibigan sa pamamagitan lamang ng mga liham. Madaling magkunwaring kapuri-puri sa liham, nguni't mahigpit na kinakailangan ang isang personal na pakikipagpalagayan upang makilalang lubusan ang ugali at katauhan ng isang tao.

Kung hihilingin mong iwan niya ang paglilingkod sa hukbo upang magbalik na muli sa pagtuturo ay hindi siyang tumpak na hakbang upang masubok ang kanyang katapatan. Maaaring nakapangako siyang maglingkod sa loob ng takdang panahon at hindi siya makaaalis dito hangga't hindi natatapos ang taning na panahong na sa kasunduan. Hindi makatarungan ang hihilingin mong iyan sa kanya. —MARISSA.

### HINDI KAILAN MAN HULI ANG PAGSISISI

*Kami po ng kasintahan ko'y malimit nang nakakagawa ng hindi marapat. Ito po ay nagsimula nang kami ay lumabas na walang ibang kasama. At ang pagkakamali po naming ito ay sinundan pa ng makailang ulit. Ngayon po'y nagsisisi kami kapuwa dahil sa aming kapabayaan at tuloy ipinasiya naming magpakabuti na. Humingi po kami ng payo sa aming paring kompesor at pinagsisisihan na po namin ang aming mga nagawa.*

*Hindi pa po naman ka-*

(Sundan sa pah. 31)



# SANGKAP NA NAGPAPABABA NG LAGNAT SA

BAGONG PORMULA

MAY TATLUHANG BISA

# CAFIASPIRINA

HIGIT NA MABISA KAYSA "KABABALAGHANG LUNAS"





**Pagsubok na ginawa sa 150 Amerikanong Abiador ay nagpatunay sa kabilisan ng CAFIASPIRINA sa pagpapababang lagnat.**

Mga pagsubok sa klinika na ginawa sa isang himpilan ng paliparan sa Estados Unidos sa 150 Abiador na binabagabag ng Influensa, bronchitis at sipon, ay magpatunay na ang tampok na sangkap ng bagong **Cafiaspirina** ay pinabababa ang lagnat ng lalong mabilis kaysa mga tinatawag na kababalaghang lunas o "antibiotico." Ang kinalabasan ng pagsubok ay nagsasaad din na walang masamang bungang naidudulot, na paminsan-minsan kaagibat ng "antibiotico."

Ang **Cafiaspirina** ay nagdudulot ng hindi lamang isa kundi dalawang nagkakabisang pamawi ng kirot at saka ikatlong sangkap na dagling nagpapaginhawa sa panghihina, na laging kaagibat ng lagnat, kirot at sipon. Itong tatlong sangkap na "panlaban sa kirot" ay samasamang nagkakabisa, animo hatol ng manggagamot, na nagdudulot ng dagli at banayad na ginhawa. At bago ninyo namalayan, ang kirot at sakit ay napawi na pati ang pamimigat ng katawan na laging kaagibat ng sipon, lagnat o sakit ng ulo.

**Upang masugpo ang lagnat o sipon at muling sumigla...**

**Laging Lumunok ng –**

BAGONG PORMULA

MAY TATLUHANG BISA





# CAFIASPIRINA

42-3

**3-KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!**

Each tablet contains: Acetylsalicylic Acid .380 Gm.; Phenacetin .075 Gm.; Caffeine .025 Gm.

# mga Pagkain Natin



Pawang mga pangkaraniwang lutin ang matutunghayan ngayon sa pahinang ito. Maaaring masabi ninyong ang mga nakalarawan ay alam na ninyo, subali't sa ilang mga ina ng tahanan, ang mga pagkaing ito ay magiging karagdagang bilang sa kanilang talaan ng mga lutuin.

## TALABA


**Mga sangkap:**

10-12 talaba
6 na kalamansi
5 kutsarang toyo
3 butil na bawang
3 langkay ng "parsley"

Hugasan at sipilyuhing mabuti ang mga talaba upang maalis ang putik na nakadikit sa mga iyon. Pagkatapos ay busan ng kumukulong tubig. Buksang isa-isa ang talaba. Gumamit ng kutsilyo. Alisin ang mga itim na makikita sa laman.

Ibabad ang laman sa tinimplang toyo, katas ng kalamansi at binayong bawang.

Kumuha ng pinggan at ihanay ang nilinis na talukap ng talaba at ipatong na muli ang mga laman ng bawa't isa. Palamutihan ng mga dahon ng "parsley" katulad ng nakalarawan.








## Lapulapu na may Sarsa

**Mga sangkap:**

2 lapu-lapung kainaman ang laki
asin

**Mga sangkap ng sarsa:**

1 tasang tubig
1 kahong pasas
3 kutsarang binayong mani
6 na kutsarang asukal
2 kutsarang toyo
2 kutsarang gawgaw o "cornstarch"

Linising mabuti ang mga isda. Ilaga sa isang kaserolang may kaunting tubig. Lagyan ng kaunting asin. Kapag inaakala ninyong luto na, hanguin sa isang pinggan o bandehado.

Pakuluin ang tinimplang toyo, asukal, at tubig. Bumawas muna ng kaunti sa pinagsama-samang sangkap para sa pagtutunaw ng gawgaw. Kung tunaw na ang gawgaw, ihalo sa nakasalang at hintayin nang kumulo. Kapag kumukulo na iyon ay isama ang pasas at ang tinadtad na mani. Pagkaraa'y hintaying lumamig at saka ibuhos sa inilagang lapu-lapu.

Bago ihain ay lagyan sa bawa't gilid ng mga hiniwang dayap at kabit na anong dahong luntian upang lalong makahalina ang pagkaing ihahain ninyo.




## Pag-iingat at Pag-iwas sa Sakit

Mapapalad ang ating mga anak sapagka't mayroon tayo ngayong marami at mabibisang paraan sa pag-iwas sa



mga karamdaman. Paulit-ulit nating sinasabi na madali at mabuti ang umiwas sa sakit kaysa gumamot nito. Ang isang malusog na bata ay may panlaban sa mga sakit kaysa sa isang mahina ang katawan. Di na kailangan pang sabihin na ang kalusugan ng ina sa panahon ng pagdadalantao at sa panahon ng pagpapasuso ay magiging batayan ng kalusugan ng kanyang sanggol.

Kung sa bagay, ang paminsan-minsang pagsusuri ng manggagamot ay napakahalaga para sa isang bagong silang na sanggol hanggang sa siya'y hindi pa dinadapuan ng ano mang sakit. Kaya't isang mabuting simula sa buhay ng inyong sanggol ang pinakamabisang pag-iwas sa mga sakit.

Iwasan ang paglalapit ng inyong anak sa mga taong maysakit. Walang kailangang dalhin-dalhin ninyo ang inyong sanggol kung kayo ay dadalaw sa isang kaibigan o kamag-anak na may karamdaman. Ang mga batang wala pang pitong taon ay hindi dapat isama sa pagdalaw sa mga ospital. Lalong makabubuti ang iwan na sila sa bahay. Ang pagkapagod ay kailangang iwasan din hangga't maaari. Sa mga panahon ng salot o epidemya, gaya ng tigdas o polyo, nararapat na ilayo ninyo ang mga bata sa lipon ng mga ibang bata, gaya sa mga handaan at salu-salo at mga palatuntunan. Bawasan ang kanilang pakikisalamuha sa mga taong-bahay na may sipon o lagnat.

Alaming lagi ang ano mang bagay na natutungkol sa kalusugan. Dumalo sa mga kapulungan, panayam at makinig sa mga pagsasalita sa radyo tungkol sa mga pag-iingat, magbasa ng mga aklat at magasin at humingi ng mga balita at tagubilin ng inyong manggagamot tungkol sa mga suliranin ng kalusugan. Tandaan ninyong ang kaalaman tungkol sa kalusugan ay siyang pinakamabisang panlaban sa mga sakit. Ang mga bakuna at ineksiyon ay nakapipigil ng maraming karamdaman at nakakabawas sa katindihan ng sakit at pagkalat nito. Dapat samantalahin ng lahat ng mga ina ang mga makabagong pamamaraan na likha ng mga siyentipiko tungkol sa pagliligtas sa pagkakasakit. Ang mga sumusunod na bakuna o ineksiyon ay itinatagubilin:

—BCG-Bakuna laban sa tisis — pagkapanganak ng sanggol

—Dipterya-Ubong-aso — Tetano-simula sa ikatlong buwan

—Bulutong-simula sa 6 hanggang 12 buwan ang bata

—Kolera, Tipus, Disenterya — simula sa dalawang taon

—Tigdas — kung napalapit sa maysakit nito.

**Ang Bakunang BCG**

Ang Bakunang BCG ay mahigpit na itinatagubilin sa mga bayang gaya ng atin na ang tisis ay isang napakalaking suliranin. Ito'y isang mahalagang pandagdag sa kampanya laban sa pagkatuyo. Bagama't hindi ito ipinanghahalili sa mga paraang subok na ng panahon, ang kahalagahan nito ay kinikilala nang labis sa ngayon. Hanggang maaga, ay lalong mabuti na bakunahan ang bata. Sa Scandinavia, at iba pang bansa sa Europa, at pati sa Timog Amerika, angaw-angaw na tao ang binabakunahan ng BCG. Sa Pransiya, Yugoslabya, at Pinlandya, ang pagbabakuna ng BCG ay itinatagubilin ng batas. Dito sa ating bansa, ito'y ginagawa na noon pa mang bago magkadigmaang pangalawa, nguni't ito'y hindi naipagpatuloy sa kakulangan ng mga kagamitan at gamot. Hindi na ito sinusubok pa sapagka't ang bisa nito ay subok na. Sa

(*Sundan sa pah. 28*)




# Mga Payo Ukol Sa Iba't Ibang Pagkakataon

Ang aming tinitirhang silong ay nais kong palibutan o dikitan ng papel dahil sa napakaraming butas at puwang sa dinding, bukod sa roon ay nangahuhulog pa ang dumi buhat sa itaas. Ano kaya ang mabuti kong gawin upang maiwasan ang madaling paninigas ng papel na siyang pinagmumulan ng sira o punit at pamumuknat?

**Bago idikit ang papel, ang gagamiting pandikit o kola ay timplahan muna ng kaunting sabon.**

—oOo—

Paano maiiwasan ang pagkalat ng amoy ng sibuyas na nakalagay sa palamigan?

**Ang sibuyas ay kinakailangang baluting mabuti o kaya ay takpan ang pinaglalagyan upang huwag mapahalo ang amoy ng mga iyon sa ibang pagkaing na sa palamigan.**

—oOo—

Ano ang aking magiging gabay sa pagpili ng prutas o bungang-kahoy na ang kailangan ko lamang ay ang katas?

**Piliin ang mabigat at matigas na bungangkahoy at iyong walang mga patsi-patsi.**

—oOo—

Paano maiiwasan ang pamumuti ng mga damit na itim at kulay "San Antonio"?

**Sa halip na sabon ang ipanlaba ay gugo ang inyong gamitin.**

—oOo—


Paano masusugpo ang nagsisimulang panunuklap ng pinta ng palamigan o ng "refrigerator"?


**Bumili kayo ng pinakamaliit na lata ng pinturang puti at pintahan ang natutuklap na bahagi sa pamamagitan ng paggamit ng sipilyo o "brush".**

—oOo—


Maaalis ang paninigas ng sepilyong ginamit sa pagpipinta sa pamamagitan ng pagpapakulo nito sa suka. Maiiwasan naman ang paninigas nito sa pamamagitan ng pagpapahid ng baselina pagkagamit at pagkatapos ay balutin.








# Marikit na Blusa



*Ang mga pang-itaas o blusa ay magandang tingnan, maginhawang gamitin at angkop isuot sa maraming pagkakataon. Magiging kaakit-akit ang mga blusa kung gagamitan ninyo ng iba't ibang uri ng palamuti.*

*Makikita sa larawan ang isang halimbawa ng blusang binurdahan ng mga unang titik ng pangalan. Ang mga titik na RL ay nangangahulugang Rhoda Lee, pangalan ng magandang dalagang nakablusang puti sa itaas. "Three quarter sleeves" o manggas na umaabot sa pagitan ng siko at pulso at malapad na nakataas na kuwelyo ang yari ng blusa. Ang kasuotang ito ay nababagay isuot sa pagsalubong sa mga kaibigan o sa isang pagtitipun-tipon ng magkakaibigan.*

*Ang mga pinagtambal-tambal na titik na na sa pahinang ito ay ilan lamang sa mga halimbawa ng "style" o istilo na maaaring ipantatak sa inyong mga blusa.*











*"Shiring" ang palda at tinahian ng tatlong hanay ng "rick-rack". Ang kuwadradong leeg at dulo ng manggas ay pinaligiran din ng "rick-rack". Upang manatili sa lugar ang "pop sleeves", ito ay tinahian ng "garter".*



*Ang balikat, ang manggas, at ang baywang ay kinabitan ng "garter" upang maging maginhawa ang pagsusuot. Tatlong andana o putol naman ang palda at pinatungan ng "ruffles" na may "rick-rack" sa gilid ang bawa't putol.*

# Mga Damit na Panlakad



ANG MGA TELANG MAY DIBUHO O LALONG KILALA SA TAWAG NA "PRINTED" AY MAIPATATAHI NINYO SA IBA'T IBANG PARAAN AYON SA PANGKASALUKUYANG MODA. ANG MALULUWANG NA PALDA AY HINDI LUBHANG LUMILIPAS, BAGAMA'T NAHAHALINHAN LAMANG SUMANDALI NG MAKIKIPOT NA PANG-IBABA.

ANG MGA YARING NAKALARAWAN AY BAGAY GAMITIN SA PAGDALO SA MGA SAYAWANG KATULAD NG "BARN DANCE" AT "HAWAIIAN NIGHT". MADIDILAT NA DIBUHO AT MARIRINGAL ANG KULAY NG MGA TELANG ITO.

*"Full balloon" ang pang-ibaba. Ang sulok ng kuwadradong leeg ay nilagyan ng laso upang lumapat sa dibdib ang damit.*

*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*

# NAGHINAKDAL ANG ISANG BIKTIMA NG OPERESYON 'ANTI-LITTERING'




SI TIBO, na dati'y ubod ng taba, ay naging putlain. Ito'y simula nang lumabas siya sa "destinesyon" ng mga mapagbiro sa batas.

Sa unang paglabas ni Tibo sa piitan (limang araw siyang lumagi roon), ay parang manok siyang puputak-putak. Nang maglaon ay parang natauhang lalabi-labi at ngingiti-ngiti sa mga nakikita niyang bitbit ng pulis. Sa isang sulok sa Plasa Miranda siya naglalagi. Doon siya nagmamasid sa mga natutulad sa kanya... mga biktima ng "anti-littering".

Ayon, sa ulat ni Tibo, ganito ang mga pangyayari:

T. Bakit tila ikinatutuwa mo ang pagkakahuli sa mga taong iyon?

S. Ito na lamang ang pamawi ng aking galit sa mga pulis na nanghuhuli.

T. Ano naman ang ikinagalit mo sa mga pulis na iyon?

S. Mahabang salaysayin iyan. Tuwing maaalala ko'y kumukulo lamang ang aking dugo.

T. Malaki marahil ang hirap na dinanas mo, ano?

S. Naku, hinding-hindi ko na malilimot. Mamatay man yata ako nang makaitlong ulit.

T. E, bakit mo naman dapat ikatuwa ang pagkakahuli sa iba?

S. Sapagka't sa ganitong paraan ay naiisip kong hindi lamang pala ako ang nagiging api-apihan sa "malupit na mundong ito".

T. Lumalabas na mga karamay mo sila, kung gayon?

S. Ganoon na nga.

T. Ano bang talaga ang dahilan at ikaw ay hinuli?

S. Hanggang ngayon ay ayaw kong maniwalang dapat nga akong makulong ng limang araw.

T. Paano nga ang nangyari?

S. Nagsimula ang kasaysayan noong unang araw ng Mayo, Araw ng Paggawa. Maraming-maraming tao noon sa Luneta, gayon din dito sa Quiapo.

T. E, ano nga ang nangyari noon?

S. Nagpapaliwanag pa, e. Di, noon nga, kasama ako sa maraming naglalakad dito. Siyanga pala, may sigarilyo ako noon... malapit nang maupos.

T. Malapit nang maubos, ang ibig mong sabihin?

S. Hindi. Talagang ilang sandali na lamang at upos na. Kaya nga lamang pinagtitiyagaan kong hawakan ay alam kong may operesyon "anti-littering".

T. Ano ang ginawa mo?

S. Na sa tawiran na ako nang maramdaman kong nailnitan na ang aking mga daliri. Akalain mo bang palakarin ng pulis-trapiko ang mga sasakyan. Ngayon, dahil sa medyo napapaso na ako, bigla kong inihagis ang upos ng sigarilyo ko.

T. At nakita ka ng pulis?

S. Hindi pa. Nagkataon pala noong may katabi akong isang babaing may dalang basket. Siyut na siyut ang upos sa basket. Akala ko'y hindi iyon nakita ng ale. Nagkamali pala ako. Bigla akong hinarap at iniabot sa akin ang upos. Dahil sa ayaw kong mapahiya, kinuha ko na rin.

T. At itinapon mo na?

S. Hindi pa rin. Nag-isip-isip muna ako. Baka 'Ikako may makakita sa akin. Kung ilang ulit akong nagpalinga-linga. At nang wala akong mamataang pulis ay saka ko inihagis. 'Ikako pa'y pihong natatabingan ako ng karamihan ng taong nakapaligid.

T. E, sino ang humuli sa iyo?

S. Nariyan ang unang sama ng loob ko. May isa palang diyasking ahente ng "operesyon" 'na susunud-sunod sa akin. Nakasibilyan lang ang loko kaya hindi ko napuna. Pinulot niya ang upos ng sigarilyo ko. Alam ko na ang ibig sabihin noon, kaya nang hawakan niya ang kamay ko'y kusang-loob na akong sumunod sa prisinto.

T. Hindi ka na pala tumutol, ha?

S. Gusto ko na nga sanang tirisin ang diyasking humuli sa akin pero makakalaban ko ang batas.

T. Ano ngayon ang nangyari sa prisinto?

S. Dito nagtumindi ang sama ng loob ko. Dahil sa wala akong dalang pantubos sa aking kasalanan, sinabing dadalhin daw ako sa city jail para magdusa nang limang araw. Anong saklap!

T. Masaklap dahil hindi mo nadala ang pera mo, ano?

S. Hindi. Wala naman akong dadalhin, e. Ang talagang ikinasama ng loob ko noon ay ang paraan ng pakikitungo ng mga manghuhuli sa iba nating kabalat.

T. Bakit, paano ba ang pakikitungo sa kanila ng mga alagad ng katwiran?

S. May nakasama ba naman kaming isang pulubi. Biruin mong hindi pagbigyan ang pulubing iyon! Ang ginawa tuloy ng pobre, doon na nagpalimos sa loob ng prisinto.

T. Teka, lahat ba ng na sa prisinto ay iyong mga hindi makabayad?

S. Nariyan pa ang isang sama. Mayroon yatang limang babaing galing sa palengke ang nagbayad na, kahit wala nang pamasahe, pero hindi pa pinauwi. Pinagpaghintay pa ng anim na oras.

T. Ang katwiran marahil ng namamahala ay papagtandain ang mga lumabag sa batas, hindi kaya?

S. Katwiran ba iyon? Sa tantiya ko'y ginawa nang panghapunan ang mga pinamiling para sa tanghalian, e. At isipin mo kung ano ang nangyari sa mga pamilya ng mga babae.

T. Magkano nga pala ang multa sa pagtatapon ng dumi sa kalye?

S. Singko-singkuwenta. Puwera pa riyan ang paglistamboy sa prisinto. Pero kung minsan, pag may maibibigay kang higit diyan, halimbawa'y doble, maaari na ang kaunting tapik at... presto, makalalabas ka agad. Kung minsan naman, pag kababayan mo o kabatakan ang nakatiyempo sa iyo, wala ka nang dapat alalahanin.

T. Marahil, nang ialis ka na sa prisinto, nawala na ang sama ng loob mo, ano?

S. Higit pa 'kamo nang na sa kulungan na kami.

T. Ano naman ang kapalaran ng mga kabalat natin doon?

S. Ang kapalaran namin, ang ibig mong sabihin. Doon naganap ang ikalawang penitensiya ko sa taong ito.

T. Bakit?

S. Sapagka't, sa kauna-unahang pagkakataon, napaiyak ako... ikalawang pag-iyak ko buhat nang ipanganak ako.

T. Ikaw, napaiyak?

S. Hindi na rin ako makapaniwala ngayon. Pero

*(Sundan sa pah. 20)*

"Kay Aling Orang Iniwan Ni Rafael Si Tinoy Nang Pumasok Siya Nang Araw Na Iyon. Hindi Malaman Ni Rafael Kung Ano Ang Gagawin Niya. . ."

# Ulilang Halaman

nobela ni Potenciano Carreon, Jr.

(Ika-2 Labas)

HINDI PA nakalalayo si Rafael ay nagsimula nang pumatak ang ulan. Lumakas nang lumakas iyon at parang ibinubuhos.

Naalaala ni Rafael ang batang ibinaba sa tabi ng daan. Walang masisilungan ang bata. Walang bahay sa pook na iyon. Paano ang bata sa gitna ng malakas na ulang iyon?

Sinikap ni Rafael na iwaksi sa isip niya ang bata. Nguni't habang patuloy siya sa pagpapatakbo ng auto at sumasagasa sa masinsing patak ng ulan. ay tumitindi naman ang tawag ng mabuting damdaming katutubo sa kanyang pagkatao.

—Kawawa naman ang bata, —nasabi ni Rafael sa sarili. —Saan siya sisilong sa malakas na ulang ito? Bakit ba pinababa ko siya? Hindi na natiis ni Rafael ang kanyang mabuting damdamin. Ibinalik niya kita aanuhin. Kaya ako nagbalik ay naisip ko ngang inabot ka ng ulan. Sakay na!

Saka lamang nagtatakbo ang bata at sumakay sa auto. Basang-basa nga ito. Tumutulo ang buhok. Pigtang-pigta ang kamiseta. Nangingigkig ang buong katawan sa ginaw.


Dinukot ni Rafael ang kanyang panyolito. —Kunin mo ito at kuskusin mo ang iyong ulo.

Patuloy ang pag-ulan. Habang nagpapatakbo si Rafael ay iniisip niya kung saan niya ibababa ang bata. Nguni't sumagi sa isip niya ang sinabi nito na lumayas. Kung totoo ngang lumayas ito ay saan ito uuwi ngayon?

—Bata, 'ka mo kangina'y umalis ka sa inyo, bakit? —itinanong ni Rafael.

—Pinalo po ako... nakabasag po ako ng pinggan, e.—tugon ng bata.

Natawa si Rafael.



ang kanyang auto. Pinatulin na niya ang pagpapatakbo.

Nang dumating siya sa lugal na pinagbabaan niya sa bata ay pinahina niya ang takbo ng auto. Inaninaw niyang mabuti ang dilim sa magkabilang panig ng daan, na ang hinahanap niya'y ang bata.

Sa isang punongkahoy sa tabi ng daan ay naanyuan niyang nakatalungko ang bata. Bigla niyang inihinto ang auto sa tapat niyon.

—Bata, halika... sumakay ka! —wika ni Rafael mula sa pagkakaupo niya sa harap ng manibela. —Mamamatay ka riyan sa ginaw. Sakay na! —at binuksan niya ang pinto ng auto.

Tumindig ang bata sa pagkakatalungko at parang nagaalinlangang sumakay.

—Halika na... dali ka... —ulit pa ni Rafael. —Huwag kang matakot sa akin. Hindi

—Sino ang pumalo sa iyo? Ang Nanay mo? —tanong ni Rafael.

—Hindi po... wala na po akong Nanay at Tatay, —sabi ng bata. —Ulila na po ako... at tiningnan ng bata ang kanyang kaliwang balikat.

—Wala ka nang kamaganak?

—Ang lola Senday ko po... —sagot ng bata. —Pero ang Lola Senday ko po ang nagpasok sa aking alila kina Mang Tomas... umutang po siya ng kuwalta kina Mang Tomas at ang ibinabayad po'y ang aking suweldo.

Napatangu-tango si Rafael. Napatitig siya sa bata sa pamamagitan ng salamin sa ulunan niya.

Nadama ni Rafael na nagsabi ng tutoo ang bata. Hindi maaaring gawa-gawa lamang ng bata ang mga sinasabing iyon. Natawag ang pagkahabag ng kanyang puso.

—Ano ang pangalan mo? usisa ni Rafael.

—Tinoy po.

—Bueno, Tinoy, —sabi ni Rafael at siya'y napabuntonghininga. —Sasama ka muna sa akin sa bahay. Hindi kita maiiwan sa daan na wala kang matutuluyan.

—Sa-salamat po! —tugon ni Tinoy.

Isang bunggalo ang bahay ni Rafael sa labas ng Maynila. Maliit man iyon ay maganda naman. Isang katulong na matandang babae ang kasama niya roon.

Tulog na si Aling Orang nang dumating sina Rafael sa kanyang bahay. Dalawa lamang ang silid ng bunggalo at ang isa'y ginagamit ng matandang babae. Hindi na ginising ni Rafael si Aling Orang, at si Tinoy ay isinama na sa kanyang silid.

Nangangatog pa sa ginaw si Tinoy. Alam ni Rafael na dapat magbihis ng tuyong damit ang bata, nguni't wala siyang maibibigay na maliit na damit na sukat dito.

Nagkakamot ng ulo si Rafael na naglabas ng isang kamiseta at lumang padyama.

—Wala akong maibibigay na damit sa iyo kundi ito, Tinoy, —wika ni Rafael sa bata. —Malaki ang mga ito sa iyo. Nguni't mabuti na ito kaysa sa basang suot mo.

Nagbihis ang bata. Napatawa si Rafael nang makita niya si Tinoy sa loob nang mahaba at maluwang na padyama. Hindi siya nakatiis at inayos niya ang suot ng bata. Tiniklop niya ang mga manggas at ang laylayan ng salawal.

Naglatag si Rafael ng blanket sa sopang ginagamit niyang pahingahan sa silid at nilagyan niya ng unan.

—Diyan ka matulog, Tinoy! —sabi ni Rafael.

Mahihiga na sana si Rafael, nguni't bigla siyang natigilan at napatitig sa batang nakapamaluktot na sa pagkakahiga sa sopa. Kumain na kaya si Tinoy? Baka kaya hindi pa kumakain ito?

Walang imik na tumindig si Rafael na nakaupo na sa gilid ng kanyang kama. Lumabas siya upang humanap ng pagkain. Napakiramdaman naman siya ni Aling Orang at ang matandang babae ay nagbangon.

—Kakain po ba kayo, Mang Rafael? —tanong ni Aling Orang.

—Ako po'y nakakain na, pero may kasama akong bata. Natagpuan ko siya sa loob ng aking kotse at hindi ko na siya napaalis pagka't malakas

(Sundan sa pah. 19)

NAPAHINTO sa mabagal na paglakad si Tata Ustong nang sa pagpasok niya sa kanilang tarangkahan ay salubungin siya ng bunso niyang si Ige.

—Tatang!... Tatang!... —salubong ng bata na bahagyang humihingal.

Napamulagat si Tata Ustong. —O, ano, bakit?

—Man'yari po, sabi ni Dalen, e, kuwan...

—Anong kuwan? Ano'ng sabi ni Dalen? —mabilis na sambot ni Tata Ustong.

—Si Ate Toring daw po... nagkuwan... —Muli na namang nabitin ang pagsasalita ni Ige. Parang nahihiyang nahihintakutan.

—Aba't diyantres na to't magbabalita lang e... Ano ba? Ako ba'y niluluko mong saragate ka! Ano raw ang Ateng mo?

—'Ika po ni Dalen, e, wala naman daw siyang kasalanan sa nangyari, e, —paibang sagot ni Ige. —Si Ate raw po'ng me gusto no'n.

# "NAKIPAGTAGAY SI TATA USTONG"

*ni Efren M. Esteban*

**"Ang Pagbibigay Natin Ng Kaligayahan Sa Ating Mga Anak Ay Talagang Tungkuling Dapat Panindiganan"**



Napakamot sa batok si Tata Ustong. —Ano ba'ng pinagsasabi mo, bata ka. Liwanagin mo nga! —Galit na si Tata Ustong.

—Kasi, sabi po ni Dalen si Ate Toring daw... sumama ke Perping. —At napayuko si Ige.

—Ha? Kelan? —Nabigla si Tata Ustong. Niyugyog si Ige sa magkabilang balikat.

—Kanina daw pong magaalas-siyete, —ani Ige na bahagya nang lumabas ang tinig.

—Si Dalen, 'asan? —muling tanong ni Tata Ustong.

—Umuwi na po.

Bumuwelta si Tata Ustong. Nakalimbag sa mukha ang matinding galit.

Wala pang labinlimang sandali ang nakalipas ay nagbalik na si Tata Ustong. Tiniyak lamang pala kay Dalen ang katotohanan ng ibinabalita ni Ige. At nagtanan nga si Toring. Si Perping ang sinamahan.

Tuloy-tuloy sa kusina si Tata Ustong. Bubulong-bulong. Uminom ng tubig.

—Bakit ba, Ustong? Tila may kinagagalitan ka! —puna ni Nana Didang na nuo'y nagsusulsi ng mga punda ng unan.

Hindi kumibo si Tata Ustong. Nagbilot ng tabako at saka tumanaw sa labas ng bintana. Nakalimbag pa rin sa mukha ang matinding galit.

—Ano ba'ng nangyayari 'ikako, Ustong? —muling antig ni Nana Didang. —Tila galit ka...

—At sino'ng hindi magagalit diyan, —tugon ni Tata Ustong. —Siya na'ng tinuturuan mo ng mabuti, siya na'ng inilalagay mo sa magaling, yu'ng baluktot pa rin niyang pasiya ang ipinilit. Ngayon, ano'ng mahihita niya roon? Wala. Puro paghihirap. Pwe!

—Sino ba'ng tinutukoy mo, ov! —hindi na nakatiis na sabi ni Nana Didang.

—Hu, 'yang walanghiya mong anak! nagtanan na!

—Sino... si Victoria? —pabigla ni Nana Didang na inalis ang suot na salamin at binitiwan ang sinusulsihang punda.

Kiniskisan ni Tata Ustong ang binilot na tabako bago sumagot. —At sino pa!

—Ba, e, kasama ni Daleng pumasok ang batang 'yan kanina, a. Maagang-maaga pa.

—'Yon nga, e. Hindi pumasok ang walanghiya. At ang inatupag ay ang pagsama kay Perping na anak ni Ba Simong Madaling-Araw.

Bumuntung-hininga si Nana Didang. Batid niyang lumiligaw si Perping sa kanyang si Toring. At batid din niyang may pagtingin ang anak sa binata. Boto si Nana Didang kay Perping. Masipag si Perping, at may tikas din namang lalaki.

Subali't si Tata Ustong ang walang simpatiya kay Perping, dahil sa Tatang nitong si Ba Simo. Mabigat ang dugo niya kay Ba Simo. Matagal na niya itong kaalit. Isa pa ay humahanap din naman si Tata Ustong ng wika nga'y medyo mahilab-hilab. Yaong may matatag nang hanapbuhay.

Si Narsing na tanging binata ni Konsehal Gaston ang sa lahat nang lumiligaw kay Toring ay siyang kinagigiliwan ni Tata Ustong. Makisig at mapitagan din si Narsing. At bale kung pumormal si Narsing. Bukod sa kahon-kahong tabakong ibinibigay kay Tata Ustong sa tuwing dadalaw ay may bukod pang nakakahon para sa kanila ni Nana Didang kung sumasapit ang Pasko.

Barbero si Narsing sa isang primera-klaseng barberya sa Maynila. De-uniporme ang mga kawani, "air conditioned" at umiikot ang inuupuang mga silya.

—Yan ang nababagay sa ating dalaga, Didang, —madalas sabihin ni Tata Ustong kay Nana Didang kung ang paksa ng kanilang pag-uusap ay nadadako sa mga talisuyo ng anak. —Bukod sa masipag ay hindi pa nakalilimot sa sarili niyang nayon. Sa dinami-dami ng mestisa sa Maynila ay dito pa rin humahanap ang diyaske ng makakataling-puso.

—Ang pagpapasiya sa bagay na iyan ay na sa atin nang si Toring, —isusukli naman ni Nana Didang. —Nasa edad na ang anak mo. At siguro naman ay hindi pipili 'yan ng lalaking basta-basta lang. Bayaan mong kapalaran ang humukom.

Subali't talagang na kay Narsing ang amor ni Tata Ustong. Puring-puri niya si Narsing.

Ang pagkakaroon ng maraming talisuyo ni Toring ay hindi na pinagtatakhan sa buong nayon ng Apulid. At maging sa mga kanugnog nayon man. Maganda si Toring. Naglilingkod sa isang malaking groserya sa kabayanan at may mabuti namang sahod.

At nang umaga ngang iyon ay sumamang nagtanan si Toring kay Perping. Hindi na pumasok ang dalaga. At ibinalita naman ni Dalen, na kasama ni Toring na namamasukan sa groserya, ang pangyayari kay Ige.

—HINDI kailanman makapapanhik ang dalawang 'yan dito! —Kinabukasan ng hapon ay tahasang sinabi ni Tata

*(Sundan sa pah. 20)*



# ang BANGKAY sa DAGAT

*ni Jose C. Garcia*

**"Sa Pangyayaring Ito'y Minsan Pang Napatunayan Na Gaano Man Katalino Ng Isang Kriminal Sa Pagsasagawa Ng Isang Krimen, Ay..."**

SABADO ng hapon noon, sa daungan ng **City Yacht Club.** Katatapos lamang ipasyal ni Alberto sa kanyang bago't matuling yate ang katipan niyang si Mary.

—Kumbinsido ka na ba, Darling, na mabilis ang yate ko at malaki ang aking pag-asa na ako ang magtatagumpay sa karera bukas? —ang wika ng binata sa dalaga.

—Wala ka pa ring siguro, —tugon ni Mary, —pagka't mabilis din ang mga yate nina Tony at Romy. Gayoon pa man ay idadalangin ko rin sa Diyos na ikaw sana ang magtagumpay pagka't...

—Mahal mo ako't ikaw ay mahal ko naman, hindi ba?

Hindi na sumagot si Mary. Isang makahulugang titig na lamang ang kanyang isinukli sa minamahal saka sila lumakad na magkaakbay patungong **Club House.** Di nila namamalayan, may isang kaluluwang nagmamasid sa kanila, inggit na inggit sa pangyayari at naghihintay lamang ng pagkakataong makapaghiganti!

Kinagabihan, ang lahat ng sasali sa karera ng yate kinabukasan ay pinarangalan sa **Club House.**

—Sinadya yatang di ka siputin ng **Prince Charming** mo? —ang biro ni Tony kay Mary nang makitang nag-iisa lamang ang dalagang nakaupo sa harap ng "bar counter" at kumakain ng sorbetes.

—Baka naman hinalinhan ka na nga ni Albert nang higit pang maganda kaysa iyo? —dagdag ni Romy habang pigil-pigil ang isang baso ng "beer" at tatawa-tawa pa.

—Nagkakamali kayo ng paratang kay Alberto, mga ginoo. Tapat siya sa akin at hindi niya gagawin ang umibig pa sa ibang dalaga!

—Kung ganoon, —tugon ni Romy, —e, bakit wala pa siya hangga ngayon? Di ba alam niyang magpapaliwanag ngayong gabi ang magrereperi bukas sa karera?

—Kung kayo'y mapilit, sasabihin ko ang dahilan kung bakit siya wala! Naroon siya sa kanyang yate at nagbabantay dahil sa natatakot siyang may sumalbahe sa kanyang sasakyan!

Nagkindatan sina Tony at Romy, saka nagsiupo sa tabi ni Mary at nagsipanood ng mga nagsasayaw.

Nang mag-iika-sampu na ng gabi, si Tony ay nagpaalam sa dalaga na tatawag lamang daw siya sa telepono. Si Romy ay nagpalaam din na magpapahangin lamang sandali sa labas at babalik agad. May labinlimang minuto lamang nawala si Tony, nguni't nang magbalik si Romy, ay eksaktong ika-sampu't kalahati na.

—Tila pagod na pagod ka, Romy, —bati ni Mary sa binata nang makita itong hihingal-hingal pa. —Naligo ka pa yata sa dagat a!

—Nahilo lamang ako sa nainom kong alak kaya pinaliguan ko ang aking ulo sa "men's room".

Nagsawa sa pakikipagsayaw kay Mary sina Tony at Romy. Nang maghahatinggabi na, ang dalaga'y napahatid na sa dalawa.

Kinabukasan, isang tawag sa telepono ang gumising kay Mary mula sa **Club House.** Natagpuan ng tanod sa daungan ng mga yate ang bangkay ni Alberto na lulutang-lutang sa dagat.

—Sa aking palagay, —wika ni Tinyente Ramos pagkakita niya sa bangkay matapos itong siluin at ilagay sa kamilya ng ambulansiya, —ang bangkay ay hindi nalunod. Patay na siya nang ihulog sa dagat. Kung sa tubig siya namatay, tiyak na lalaki ang kanyang tiyan. Nguni't nakikita ninyong impis ang kanyang sikmura.

At tutoo ngang hindi nalunod si Alberto pagka't nang matapos ang awtopsiya, kinahapunan, napatunayan ng mediko legal na ang ikinamatay ng nawasi ay **asphyxiation** o ang hindi pagpasok ng hangin sa ilong o bibig. Sa madaling salita, nalamang si Alberto ay sinadyang pinatay pagka't nababakas pa sa kanyang leeg ang pasa ng pagkakasakal. Sa magkabilang ilong ng nasawi ay may mga pasa rin dahil marahil sa pagkakapindot upang matuluyang huwag nang makahinga pa ang pinaslang.

Sa isang bulsa ng nasawi ay nakatagpo sina Tinyente Ramos at ang mediko legal ng isang liham sa sulat-kamay na ganito ang sinasabi:

**Walang dapat na sisihin sa aking pagkamatay pagka't ako ay sawimpalad na kay Mary...**

**Alberto**

—Hindi tutoong susulat nang ganyan si Alberto, Tinyente, —ang pagpapaliwanag ni Mary pagkabasa niya sa liham. —Kami ho ni Alberto ay nagmamahalan at nagkasundong pakakasal na pagkatapos ng karera ng yate. ....

—Sino, sa akala mo, Mary, ang pumaslang sa iyong nobyo? —ang tanong ng Tinyente sa dalaga.

—Wala! Wala ho, Tinyente, pagka't mababait na lahat ang mga binatang karibal sa panliligaw sa akin ni Alberto.

Samantala, napag-alaman sa mga magulang ni Alberto at maging sa mga kasama sa upisina ng nasawi na ito ay mabait at walang kaaway, kaya wala pang matagpuang motibo o dahilan ang pulisya kung bakit pinatay si Alberto. Kasama si Mary, kinausap ni Tinyente Ramos ang tanod nang gabing si Alberto ay mapatay.

—Maliban ho kay Romy na nakita kong umahon mula sa paglangoy sa dagat, wala na akong napansing ibang tao na umalis ng klub kagabi na sakay ng lantsa o bangka patungong laot, —pagpapaliwanag ng tanod.

Sakay ng isang lantsa, tinungo nina Mary, Tinyente Ramos at iba pang tiktik ang yateng Mairog na nakatali sa boya sa gitna ng dagat at may 100 metro ang layo sa **Club House.**

Maliban sa isang "diary" na natagpuan ni Mary sa kubyerta, wala nang ibang bagay pang nadiskubre si Tinyente Ramos na nawala sa yate. Nabuo sa kanilang hinala na paghihiganti ang motibo ng pumatay kay Alberto pagka't ang kartera ng nasawi na may lamang limang daang piso ay hindi man lamang tinangay ng pumaslang kung

*(Sundan sa pah. 31)*

## Ito Ang Istorya...

ni YOYONG FLORENCIO

KILALA na ninyo ang Botak Gang, ang barkada nina Unte. Ang pangkat na kailan lamang ay nahuli ni Ipeng Hepe. Nguni't ngayo'y nangakalalaya na sila at sa malas ay matitino na. Mula nang **pagtutubusin** ng kani-kanilang magulang sa munisipyo sa bayan ay hindi pa nila ginagawa sa mga karihan ang **kain-tiyempo-takbo.** Ipinangangalandakan pa nga ni Unte na **going straight** na sila ngayon. Hindi na raw sila gagawa ng mga kabalbalan.

Nguni't kamakailan ay dumating sa baryo ang pamangking taga-Maynila ni Aling Taking, si Aleli, upang magbakasyon daw. Maganda ang pamangkin ni Aling Taking.

Sa ayos lamang ay masasabi n'yong para na kayong nakakita ng was (WACS), 'ika nga ni Tata Indo.

At sa baryo, kapag may naiibang dalaga ay nauuso ang panghaharana. Parang santakrusan tuwing buwan ng Mayo. Gabi-gabi. Walang paltos.

Siyempre pa, kauna-unahan ang Botak Gang sa panghaharana sa pamangkin ni Aling Taking. At sila rin ang kahulihulihan. Kung bakit? Ito ang istorya...



harap-bahay.

Unang lumapit kay Unte si Doming.

—Ano ba kayo? —kumakaway pa rin sa mga kasama ay anas ni Unte kay Doming.

—E, tawagin mo sila, —anas din ni Doming at itinuro sina Benti.

Sa kakakaway ni Unte ay napalapit din niya sina Body, Benti at Kardo.

—Lekat naman, oo, —anas uli ni Unte. —Kayo'ng nagyaya 'tapos, e... Pag nasuya 'ko, magsisisigaw ako rito. Mapepeste tayong lahat.

—Sige na, sige na... —pabulong na agap ni Body. Takot si Body kay Unte. Talagang ginagawa ni Unte ang magsisigaw sa mga alanganing oras ng gabi. —Sige na...

—Sige na, magpasakalye ka na, Doming, —ani Unte.

—Sino ba'ng mananawagan?

—Sino pa, e di itong si Body, —napalakas nang sagot ni Unte. Sa malas ay nanggigigil na siya.

—Ako ba? —salag naman ni Body. —Bakit ako?

Naningkit na ang mga mata ni Unte. Sisigaw na sana siya

# Nagharana ang "Botak Gang"

MAG-IIKASAMPU na ng gabi. Pasubuk-subok na nagsipasok sina Unte sa looban nina Aling Taking. Kakapakapa sa dilim na nangagtutulakan, naghihilahan. Ayaw magpauna ang isa't isa. Parang nangatatakot na di mawari. Natagalan pa bago sila nagkatipun-tipon sa may-makapanaog nina Aling Taking.

Nguni't dahil sa liwanag na naglalagos sa bintanang na sa tabi ng hagdanan ay isa-isa uling nag-alisan doon. Si Kardo, bagong miyembro, ay dali-daling nangubli sa likod ng punong kamatsili. Si Doming na siyang may hawak ng gitara ay napabalik sa may-tarangkahan.

Tigas na kakakaway ni Unte. Siya lamang ang natira sa makapanaog. Kaway kay Kardo, kaway kay Doming, kaway kay Body na napasuot sa silong, kaway kay Benti na nag-upo naman sa kulahan sa nang makarinig sila ng nagsasalita sa kabahayan —ang biyenang lalaki ni Aling Taking. Ang sabi: **Eustaquia, Eustaquia.** Sumagot si Aling Taking: **Bakit ho, Tatang?** Boses uli ng matandang lalaki: **Tila may mga tulisanes sa ibaba. Tila pinaliligiran ang bahay.**

Biglang nagkatinginan sina Unte. May naisip kaagad si Body. Kung hindi siya kakanta ay maaaring magsisigaw na nga si Unte para mawala ang hinala ng biyenan ni Aling Taking. Siniko niya si Doming at pinagpasakalye.

Nagpasakalye si Doming.

Kumanta si Body: **Manong dungawin mo...** (nabitin, nag-isip si Body)... **Dungawin mo, Manong...** ang dugtong.

Napaudlot si Body. Siniko siya ni Unte.

—Bakit gano'n... Kanta ba 'yon? —nanggigigil na usig Unte kay Body.

Napakamot sa batok si Body.

—Nakalimutan ko'ng kanta, e...

—Palitan mo kung di mo alam, —sabi ni Doming. Tinigilan niya ang paggigitara.

—Nananapatan yata. Tatang! —boses ni Aling Taking.

—Nananapatan? Nananapatan ba 'kan'yo, Tiyang. —boses ni Aleli. Sa boses ay mapaghahalatang bagong gising. Halatang nagising sa narinig kay Aling Taking. —May gitara, Tiyang? May gitara ba?

—O, sige, sige. Hayan gising na pala, e... Sige, ituloy n'yo na. —Panay ang kalabit ni Unte kina Body at Doming.

Muling nagpasakalye si Doming.

Nakalabit ni Body si Unte.

—Ano'ng kakantahin ko? —tanong n'ya.

—Kahit na ano. Basta banggitin mo lang ang pangalang Aleli. Para masabing nanghaharana tayo. Napagkamalan tayong nananapatan.

Huminga nang malalim si Body.

—O, sige, sundan mo na lang ako, Doming. —At kumanta. —**Aleluya prom abab,** yu kenat teyk may hart... So, ay wil lib antil ay day...

Biglang nasiko uli ni Unte si Body.

—Bakit, narinig ko sa radyo 'yon a! **Em gona lib** 'yon, a...

Hindi na kumibo si Unte. Bumaling kay Kardo.

—Hindi ako puwede, Unte.

—Bakit?

—Magaspang ang boses ko, e. Para ka namang bago nang bago sa sesbo ko, oo.

Sa isinagot ni Kardo ay inalihan na naman ng panggigigil si Unte. Tumikom ang kanyang mga kamao.

—Lekat naman, oo. Bakit hindi kayo nagpraktis. Hindi ba usapan natin, e...

Walang maidugtong si Unte dahil sa panggigigil. Kasalukuyan siyang napapakumpas nang bumukas ang isa sa mga bintana ng kabahayan ni Aling Taking. Dumungaw si Aleli. Nakabalabal ng kumot at gulung-gulo ang buhok.

—Hoy... —bati ni Aleli. —Anu-anong alam n'yong kanta?

—Marami. Marami, —sambot ni Unte.

—Kantahin n'yo nga 'yong **gidiyap-a-ding-dong...** saka 'yong... —napaisip pa si Aleli.

Nagkatinginan sina Unte. Napamaang silang lahat.

—Saka 'yong... —nabitin pa manding patuloy ni Aleli. —Saka 'yong... 'yon bang kay Little Richard... 'Yong mayro'ng **yuhoo beybl... Sige** at dadagdagan ko'ng ibibigay sa inyo ni Tiyang Taking.

Hindi nagkikibuan, lumabas ng tarangkahan ang pangkat Botak. Ngayo'y lalong matindi ang panggigigil ni Unte.

(X)

# Sa Ibabaw ng Gulod



nobela ni MODESTO B. MANZANARES

**"Nang Mapag-isa Nang Gabing Iyon Si Linda Sa Kuwartong Tinutulugan Niya, Ay..."**

(Ika-18 Labas)

MAHIGIT nang tatlong linggo ang nakararaan, nguni't walang ano mang balitang tinatanggap ang mag-asawang Karyas at Aling Inggay mula sa kanilang nalalayong anak. Hindi pa rin napapawi ang galit ni Mang Karyas kay Mario, at tuwing magkakausap silang mag-asawa tungkol sa anak na ito ay lagi niyang sinasabi: —Wala tayong anak! Tandaan mo iyan, Inggay, wala tayong anak na walang-turing.

Nguni't isang araw, samantalang nagwawalis sa harapan ng bahay si Linda, ay dumating ang kartero. Dalawang sulat ang iniabot niyon kay Linda. Biglang kumaba ang dibdib ng dalaga nang makilala ang sulat-kamay na nakatitik sa sobre. Kilala niya ang sulat-kamay na iyon. Dali-dali niyang ipinaloob sa kamison ang sulat na para sa kanya, saka siya pumanhik ng bahay.

—Inay, —ang tawag niya kay Aling Inggay na dinatnan niya sa kusina. Inay na rin ang tawag ni Linda sa babaing umampon sa kanya sapagka't itinuturing na niya itong magulang. —May sulat kayo.

—Ha? E, kanino ba galing?

—Ewan ko ho. Baka 'ika ko kay Mario. Kilala ko ang sulat niya.



Dali-daling iniwan ni Aling Inggay ang kanyang ginagawa. Nanginginig pa ang kamay nang kunin ang sulat na iniabot ni Linda. Pinunit niya ang sobre at binasa ang nilalamang liham.

**Inay, Itay,**

**Patawarin ninyo ako dahil sa pagkaalis ko nang walang paalam. Ayaw ko sanang gawin sa inyo ang gayon, nguni't iyon lamang ang tangi kong magagawa upang makaligtas sa kagipitang ibig pasuungan sa akin ng Itay.**

**Paniwalaan sana ninyo ako, hindi ako ang ama ng sanggol na dinadala ni Sela sa kanyang sinapupunan. Hindi ko itinatanggi na kami'y magkatipan. Nguni't natitiyak ko ngayon na hindi ko siya iniibig. Aywan ko nga ba kung bakit naisip-isipan kong ligawan siya. Datapwa't hindi ko siya nagagalaw. Totoo iyan. Hindi ko siya nagagalaw kaya hindi maaaring magkaanak siya nang ako ang ama. Kung sino ang ama ng batang isisilang niya ay hindi ko alam. At natitiyak kong hindi ako iyon.**

**Narito ako ngayon sa McKinley. Pumasok na akong sundalo. Ngayon ko nakilalang masakit sa kalooban ko ang malayo sa inyo. Subali't sinabi ni Itay na hindi na niya ako kikilaning anak kapag hindi ako sumunod sa kagustuhan niyang pakasalan ko si Sela. Hindi ko maaaring pakasalan ang isang babaing hindi ko iniibig at magsisilang ng sanggol na hindi ko anak.**

**Marahil ay matatagalan na bago tayo magkita pa uli. Humihingi ako ng tawad sa inyo.**

**Ang inyong anak,**

**Mario.**

Napaiyak si Aling Inggay.

—Kay Mario nga ho ba galing ang sulat? —ang tanong ni Linda.

Hindi kumibo si Aling Inggay. Iniabot lamang niya kay Linda ang liham. Binasa iyon ng dalaga at pagkatapos ay matagal bago siya nakapagsalita.

—Ipababasa ko ba ito sa Itay? —ang naitanong ni Linda.

—Oo, —ang maikling tugon ni Aling Inggay.

Pumasok si Linda sa loob na kinaroroonan ni Mang Karyas. Iniabot niya rito ang liham. Nangunot ang noo ni Mang Karyas, at madilim ang mukhang binasa ang liham ni Mario. Napabuntunghininga si Mang Karyas pagkatapos niyang mabasa ang sulat. Hindi siya nagsasalita, nguni't matigas pa rin ang anyo ng kanyang mukha. Kung ano ang damdaming naghahari sa kanyang kalooban ay siyang hindi malaman ni Linda. Mayamaya'y lumabas na ang dalaga at iniwan si Mang Karyas.

Pagkatapos ng kanyang ginagawa ay nagkaroon ng panahon si Linda na basahin ang liham ni Mario para sa kanya. Pumasok siya sa silid. Doon niya binuksan at binasa ang liham.

Anang isang bahagi ng sulat ni Mario: **Iniibig kita, Linda. Paniwalaan mo sanang iniibig kita. Lumayo ako upang makaligtas sa isang pananagutang ipinipilit sa akin at upang malayo ako sa iyong paningin sapagka't batid kong kinasusuklaman mo ako. Marahil ay liligaya ka na ngayong wala na ako riyan, ngayong hindi mo na ako nakikita. Hindi ko sinasabing pag-aaralan kitang limutin sapagka't hindi ko batid kung magagawa ko iyon. Panahon lamang ang makapagsasabi kung makalilimot ako. Sa ngayon ay batid kong iniibig kita at ipinagdurusa ko ang pagkakalayo sa iyo...**

Dinala ni Linda sa tapat ng kanyang dibdib ang liham ni Mario. At hindi niya napigil ang damdaming umaali sa kanyang puso, napaiyak siya.

Binuksan ni Linda ang kanyang taguan ng damit at itinabi roon ang liham ni Mario.

MARAMI pang araw ang lumipas. Isang hapon ay naging panauhin nina Mang Karyas ang ama ni Sela.

—Ano po ba ang atin? —tanong ni Mang Karyas matapos paupuin ang panauhin.

Dinukot ng ama ni Sela ang panyolito sa bulsa at nagpapahid ng pawis na naupo. Nang matagal-tagal nang hindi nagsasalita ang panauhin ay muling nagtanong si Mang Karyas.

—May kailangan po ba kayo, Pareng Angel?

—E, mayroon nga po, Pa-


*(Sundan sa pah. 19)*

# Mag-MADYIK Tayo

ni BA ARVO

## 'Mababasa Ko Ang Nasa Isip Mo'

Sa pamamagitan ng labing-anim na baraha, mapaniniwala ninyo ang inyong mga kaharap na kayo'y marunong bumasa ng isipan.
Ganito ang inyong gawin: gumawa kayo ng apat na hanay (tig-aapat) sa 16 na baraha. Bigyan ng tig-isang hanay ang bawa't kaharap. Sabihin sa kanilang pumili ng isang baraha sa apat na ibinigay ninyo, nguni't tatandaan lamang nila. Kayo na ang babasa ng kanilang *pinili sa isipan.* Madali ninyo itong maituturo pagkatapos ng paraang ipinakikita sa ibaba.




I. Hatiin ang labing-anim na baraha sa apat at ihanay nang tulad ng na sa larawan. (Mapupunang ang barahang "1" ay pinapatungan ng "2", ang "2" ng "3", ang "3" ng barahang "4". Ganito rin ang pagkakaayos ng iba pang hanay. Sa mga tunay na baraha, maaaring hindi pagsunu-sunurin ang bilang. Ang ayos lamang ang dapat maparisan). Ibigay ang bawa't isa sa mga hanay na ito sa inyong mga kaharap. Sabihin ninyong tandaan nila ang isang baraha sa hanay na napunta sa kanila. Pagkatapos nila itong maisagawa, kunin ninyong muli ang mga baraha nang hindi nababago ang p a g k akasalansan. Unang kunin ang mgabaraha ni "A" at ito'y itaob. Ipatong rito, nang nakataob din, ang mga baraha ni "B", "K", at "D".

II. Muling ihanay nang pataob ang mga baraha. Simulan ang pagbababa ng baraha sa kaliwa, pakanan. Apat na hanay ang bubuuin. Pagkalapag ng ikaapat na baraha sa kanan, magsimula na naman sa kaliwa, pakanan, hanggang sa maging tig-aapat na baraha ang bawa't hanay.

III. Hawakan ang bawa't hanay at ipakita sa mga kaharap. Itanong ninyo kung na sa hanay na iyon ang kanilang napili. Pag may sumagot ng "oo", tumingin kayo sa kanilang mata at magkunwaring *binabasa ang kanilang na sa isip.*

Sa bawa't hanay ay may kanya-kanyang baraha ang apat na kaharap ninyo, na laging na sa iisang lugal. Tulad ng makikita sa larawan, ang kay "A" ay laging na sa una, pangalawa ang kay "B", pangatlo ang kay "K" at pang-apat ang kay "D".

(Halimbawa: Sinabi ni "B" na nasa ikatlong hanay na ipinakikita ninyo ang barahang napili niya. Sapagka't laging ang ikalawang baraha ng lahat ng hanay ang baraha ni "B", kunin ninyo ang ikalawang baraha ng ikatlong hanay, o ang bilang "7", at sabihing iyon ang kanyang napili.)

## Ulilang...

(*Buhat sa pah. 13*)

ang ulan... Baka 'ka ko po'y nagugutom. May pagkain po ba tayo?

—Mayroon po. Nasaan po ang bata at nang mapakain ko.

—Na sa aking silid po... dalhan na ninyo siya ng pagkain doon.

—Opo.

Nagbalik na si Rafael sa kanyang silid. Naupo siyang muli sa gilid ng kanyang kama. Napatitig siya uli kay Tinoy na nakapamaluktot sa sopa. Hindi niya mawari kung ano ang iniisip niya at kung anong damdamin ang nararamdaman niya sa mga sandaling iyon.

Napukaw si Rafael sa kalaliman ng kanyang sarili nang pumasok si Aling Orang na dala na ang pagkain. Napatitig ang matandang babae sa batang nakapamaluktot sa sopa.

—Ilapag na po ninyo ang pagkain sa mesita, —sabi ni Rafael.

Nagtindig si Rafael at inilapit ang mesita sa sopa. Ibinaba naman ni Aling Orang ang dalang mga pagkain.

—Tinoy, —ani Rafael at marahang inalog sa balikat ang bata, —gumising ka muna at kumain ka.

Nanlaki ang mga mata ni Tinoy nang magmulat siya at makita ang pagkaing na sa mesita. Pagkaraan ay napatingin siya kay Rafael at Aling Orang.

—Kumain ka, Tinoy, —wika pa ni Rafael. —Si Aling Orang ay katulong ko rito sa bahay, at sila ang naghanda ng iyong pagkain.

—Kumain ka nga, Tinoy, — sabi naman ni Aling Orang.

Namalas nina Rafael at Aling Orang ang pagkagutom ng bata nang mapawi ang pag-aalinlangang sandaling naghari rito. Sunod-sunod ang pagsubo ni Tinoy, halos nilulunok na lamang ang pagkaing sumasayad sa bibig.

—Gutom na gutom, —pabulong na nasambit ni Aling Orang.

Nagugulumihanang napatango si Rafael.

Nang makakain si Tinoy ay napatitig kay Rafael. Hindi man magsalita ay punong-puno naman ng pasasalamat ang mga mata —pagpapasalamat at pagsamba sa mga kabutihan ni Rafael.

Lumubha ang suliranin ni Rafael nang kinaumagahan ay nagising siyang inaapoy ng lagnat si Tinoy. Tumawag siya ng doktor, at ayon sa manggagamot ay nalamigan ang bata at kailangang mamalagi muna sa higaan.

Kay Aling Orang iniwan ni Rafael si Tinoy nang pumasok siya nang araw na iyon. Hindi malaman ni Rafael kung ano ang gagawin niya sa bata. Kung pakiramdaman niya ang kanyang sarili'y para bang hindi niya magagawang paalisin pa ito.

Kaya pinagpilitan niyang makausap si Maria Luisa sa telepono, pagka't ang na sa isip niya'y sanay na sanay ang kasintahan sa mga gayong suliranin. Ang malaking panahon ni Maria Luisa ay nakaukol sa pagkakawanggawa.

Nalalaman ng dalaga ang marapat na gawin niya kay Tinoy.

Napabuntong-hininga si Rafael nang mamalayan niyang malapit na siya kina Maria Luisa. Inihinto niya ang kotse sa tapat ng malaking bahay ng dalaga. Naghihintay nang talaga sa kanya si Maria Luisa at nanaog na ito nang makita siya.

—Ano nga ba iyong sinasabi mong napulot mo? —tanong ni Maria Luisa.

—Sumakay ka na at makikita mo, —sagot ni Rafael. —Nakatigasan na ng loob ko na hindi sabihin sa iyo, kundi ipakita sa iyo.

Hindi napilit ni Maria Luisa si Rafael na sabihin kung ano ang napulot na iyon kahit nang lumalakad na ang kotse.

Sumapit sila sa bahay ni Rafael. Isinama ni Rafael si Maria Luisa sa kanyang silid. Sa kama na ni Rafael nakahiga si Tinoy. May lagnat pa rin ang bata at si Aling Orang ang nagbabantay. Natutulog si Tinoy nang mga sandaling iyon.

—Siya ang sinasabi kong napulot ko. —wika ni Rafael kay Maria Luisa.

—Akala ko kung ano na iyang napulot mo... isang bata lamang pala, —ani Maria Luisa na nakakunot ang noo.

Napatitig si Rafael sa mukha ng kasintahan. Hindi natutuwa ito. Sa pakiramdam niya'y parang yamot pa. Ipinagtapat niya kay Maria Luisa ang buong pangyayari sa pagkakapulot niya kay Tinoy.

—Hindi ko malaman kung ano ang gagawin ko sa kanya, —wika pa ni Rafael. —Ikaw ang sanay na sanay na riyan, kaya sa iyo ako nagtatanong. Ano ang mabuti kong gawin sa kanya?

—Paalisin mo, itapon mo! — sagot ni Maria Luisa na nagkibit ng balikat. —At huwag mong uugaliin ang magpulot ng mga batang katulad niyan, pagka't hindi ka mawawalan ng mapupulot.

(ITUTULOY)

—oOo—

## Sa Ibabaw Ng Gulod

(*Buhat sa pah. 18*)

reng Karyas.

—Ano po ba iyon? —tanong ni Mang Karyas.

—E... dahil po ba kay... —ang hindi magkantututong salita ni Mang Angel, —dahil kay... —Muling nagpahid ng

pawis si Mang Angel. —Alam ninyo, nahihiya ako sa inyo...

Napamulagat si Mang Karyas sa kausap.

—Ipakakasal ko na si Sela sa Linggong darating... kay Carlos, iyong tagabayang nanliligaw sa kanya noong araw.

—Ho? —at parang hindi makapaniwalang napatitig si Mang Karyas sa mukha ni Mang Angel. Hindi niya nauunawaan ang ibig tukuyin ng panauhin.

Ipinamulsa ni Mang Angel ang panyolito. Bumuntunghininga at nang tila mabuhayan ng loob ay muling nagsalita.

—Nagkamali po ako, Pareng Karyas. Nagkamali tayo kapwa. Hindi pala ang inyong si Mario ang ama ng sanggol na dinadala sa sinapupunan ng aking anak. Kaya lamang pala si Mario ang isinigaw niya ay dahil sa talagang napakalaki ng gusto niya sa inyong anak. Alam ninyo, si Sela ko ay nanahi sa bayan, noong hindi pa nagaganap ang pangyayaring iyon. Kung ilang gabing natulog siya sa bahay ng may-ari ng patahian sapagka't kung ilang gabing naglamay sila noon sa pananahi, at wala na namang diyep na masakyan siyang pauwi pagkatapos ng kanilang pananahi. Noon pala nangyari ang masamang... Natutulog si Sela nang salbahihin ni Carlos. At pamangkin naman si Carlos ng may-ari ng patahian. Ang hindi ko malaman ay kung kasabuwat ni Carlos ang kanyang ale. Nguni't sa nakipagsabuwatan man siya o hindi ay hindi iyon ang mahalaga sa akin ngayon. Ang mahalaga sa akin ay ang pagkatuklas ko sa tunay na nangyari mula na rin sa bibig ng aking si Sela. At kinausap ko nga ang may-ari ng patahian. Sabi ko'y kung hindi ibabangon ng kanyang pamangkin ang puri ng aking anak ay maghahabla ako. Iyon pala nanang talaga ang hinihintay ni Carlos. Talaga pala naman niyang gusto si Sela. Ayaw nga lamang sa kanya ng aking anak kaya nga ang inyong si Mario ang isinigaw na nakadisgrasya sa kanya. Pinagkasunduan naming ipakakasal ang dalawa sa Linggong darating. At payag na naman si Sela sapagka't ibig naman niyang maibangon ang kanyang puri.

Parang nanlalambot na napasandal si Mang Karyas.

—Kayo na sana ang bahalang magpapasensiya sa aking kabiglaanan. Pero kayo man naman ang lumagay sa lugar ko ay gayon din naman marahil ang inyong gagawin. Hihilingin ninyo sa mga magulang ng lalaking inaakala ninyong nakadisgrasya sa inyong anak na panagutan ang kapinsalaang nagawa sa inyong anak. Nahihiya ako sa inyo, Pareng Karyas, dahil sa nangyari.

—Wala kayong aalalahanin, —ang nasabi na lamang ni Mang Karyas.

—E, siya po, magpapaalam na po ako.

—Adiyos po, —at tumindig si Mang Karyas upang ihatid sa pintuan ang panauhin.

Nang makaalis si Mang Angel ay sinabi ni Mang Karyas kay Aling Inggay ang kanilang pinag-usapan. Kaharap noon ang magkapatid na Fred at Victor at saka si Linda.

—Iyan na nga ba ang sinasabi ko sa iyo, —ang may himig paninising wika ni Aling Inggay sa asawa. —Napakatigas mong magsalita sa iyong anak. Kung hindi mo siya pinilit na ipakasal kay Sela, hindi marahil siya matututong umalis.

—Huwag mong sabihin iyan, —ang tutol ni Mang Karyas. —Para bang ako lamang ang mahigpit magpasunod sa anak. Hindi ba't ikaw rin? At hindi ba't kaya natin ginagawa ang gayon ay alang-alang din sa ikabubuti ng anak mo? Ibig nating mapatino siya. Alalahanin mong hindi ako naging masamang ama kailanman. Gusto kong hutukin ang anak mo.

Hindi na kumibo si Aling Inggay, nguni't hindi niya napigilan ang pag-iyak nang muling magunita ang nalalayong anak.

Nang mapag-isa nang gabing iyon si Linda sa maliit na kuwartong tinutulugan niya ay matagal bago siya nakatulog. Matagal nang hindi sumusulat sa bahay si Mario, at ngayo'y hindi niya batid kung saan ito naroroon. Ngayo'y nagugunita niya si Mario. Ngayo'y naaalaala niya ang nag-iisang liham na ipinadala nito sa kanya at hindi na naman inulit pa. Isinubsob ni Linda ang mukha sa dalawang bisig at umiyak siya nang umiyak.

(TATAPUSIN)

—oOo—

## Pakikipanayam

(*Buhat sa pah. 12*)

**tandang-tanda ko, na nabasa nang di-iisang beses ang hinubad kong kamiseta.**

T. Ano bang talaga ang sinapit ninyo?

S. **Hindi ko akalaing ituring kaming parang mga tunay na preso.**

T. Tunay na preso?

S. **Oo. Tulad ng tunay na preso, wala kaming higaan, walang kumot, walang unan. Naperder tuloy kami sa mga lamok. Ang iba naman sa amin ay hindi na natulog.**

T. Sana'y nakiusap kayo sa guwardiya na bigyan kayo ng pamaypay man lamang. Siguro naman, kadamdamin din ninyo ang mga guwardiya, ano?

S. **Ano bang kadamdamin? Parang karamdaman namin siya. Akalain mong kaunting kibot namin, e nakasigaw; kaunting usapan, nakapadyak. Isip n'ya'y natatakot kami sa padyak niya. Kung sa bagay, ikinatakot ko rin iyon nang bahagya. Mangyari'y nararamdaman kong gumagaang na ang aking timbang, nawawala na ang aking pigura, nanghihina na ang aking katawan.**

T. Bakit ganoon? Hindi ba kayo nakababawi sa pagkain?

S. **Ano bang pagkain? Ni hindi ko matatawag na pagkain, e. Tingnan mo ha: Isang platitong kanin, kapirasong tinapa, tatlong basong tubig — ano'ng magagawa nito? At isipin mong limang araw na ganyan nang ganyan!**

T. E, di para kang naalisan ngayon ng tinik sa lalamunan?

S. **Hindi tinik. Parang palakol ang nabunot sa akin. Kaya nga ngayon ay unti-unti na naman akong nagpapataba.**

T. At ito'y ginagawa mo sa pamamagitan ng pagtawa sa ibang nahuhuli?

T. **Tumpak na tumpak!**

T. Akala ko ba'y kadamdamin mo ang mga nahuhuli sa "anti-littering"?

S. **Yaon ay nang unang dalawang araw lamang. Pero buhat nang madama ko nang husto ang hirap, ibig kong lahat ay mahuli... kung maaari ay pati pulis, para matuto silang makisama.**

T. E, maiiwan na kita, ha, Tibo?

S. **Ikaw ang bahala. Kahimanawari'y huwag ka sanang mapabilang sa mga ngingitian ko nang buong pakikidalamhati. (X)**

—oOo—




## *pagsapit ng gabi*

*nagtatakipsilim... palubog ang araw...*
*gabi'y maglalatag ng katahimikan.*
*ang mga bituin ay pamumunuan*
*ng tinitingalang buwang manunungaw.*

*lupa'y maliligo ng isang liwanag*
*na nababantuan ng lamig ng palad;*
*ibo'y maghuhunos ng maghapong-hirap.*
*habang humuhuni sa langit na pugad.*

*sa buntunghininga't "salamat!" kukunin*
*ng isang ang pagod ay ibig limutin;*
*gandang naghihintay sa awit ng giliw,*
*ang bawa't sandali'y di-anhing batakin.*

*tatanggap ng bati ang mga talulot*
*ng mga bulaklak sa hamog ng bubog;*
*ang mapangarapin nama'y palalaot*
*sa lawak ng kanyang mga bungangtulog.*

*...at ako sa aking palad na sinapit,*
*pawang guniguni ang makakatalik—*
*makikita riyang sa dinding sisilip*
*ang isang aninong nakaliligalig.*

## Nakipagtagay...

(*Buhat sa pah. 15*)

Ustong kay Nana Didang. — Pasama na sila kahit sa sinong Pilato!

—Patawarin mo na'ng anak mo, Faustino, —may himig pakiusap namang sabi ni Nana Didang. —Tutal nar'yan na 'yan. Wala ka nang magagawa. At isa pa'y mabuting bata naman 'yang si Perping, a. Magsasaka nga, pero masikhay naman sa kanyang gawain. At umaani rin naman ng malaki taun-taon.

—Alam ko, Didang, —sagot ni Tata Ustong. —Pero ang pagsasaka ay isang pakikipagsapalaran. Marami kang kaaway. Kung hindi matuyot ay binabaha o binabagyo kaya. E, kung kay Narsing siya pumatol, hindi na siya maghihirap. Tiyak na roon ang kanyang kaligayahan.

Si Tata Ustong ay hindi masasabing suplado o matapobre. Sadya lamang ginaganap niya ang tungkulin ng isang magulang sa kanyang mga anak —hangarin ang kaligayahan ng mga ito, lalo na sa pag-aasawa.

Na kay Ba Simong Mading-araw ang prinsipal na dahilan ng pag-ayaw ni Tata Ustong kay Perping. Nakaalit ni Tata Ustong si Ba Simo minsan sa sabungan dahil lamang sa maling pagbabayaran sa pustahan. At nang mawala ang anim na kabang binhi ni Tata Ustong na nakaparada sa kanilang balkon ay kay Ba Simo niya naibunton ang kanyang sisi. Paano, may salon o kabaret noon. At si Ba Simo ang may panukala ng pagkakaroon niyon sa Apulid.

NANG dumidilim na, sapagka't na sa laruan si Ige ay si Tata Ustong na ang lumabas patungo sa kinasusugahan ni Damukol. Malayu-layo rin ang sugahan nito. Humigit-kumulang marahil sa isang kilometro.

Matagal-tagal din bago nakabalik si Tata Ustong. Subali't nang malapit na siya sa kanilang bahay ay sumuno ang pagtataka sa kanyang dibdib. Napansin niyang maliwanag sa kanila. Nakasindi ang **petromax**. Alam ni Tata Ustong na kung may mga di-pangkaraniwang panauhin lamang nasisindihan ang ilawang iyon.

—Bakit kaya sinindihan ni Didang ang **petromax**? — naisaloob ni Tata Ustong habang itinatali si Damukol sa likodbahay. —Sino kaya'ng mga bisita namin?

Napabilis ang pagpanhik ni Tata Ustong. Sa hagdanan sa batalan na siya nagdaan.

Pagbungad niya sa salas ay nakita agad niya si Kabisang Ponciano. Payapang nakalikmo ang kabisa sa isa sa kanilang mga upuan.

—Magandang gabi sa 'yo, Ustong, —bahagyang umangat sa kinauupuan ay bati sa kanya ng Kabisa nang siya'y malingunan.

—'Gandang gabi po naman, Kabisa, —sukli ni Tata Ustong.

—Napasyal kayo...

—Oo, 'kako'y makapaglibang-libang naman. A, may mga kasama nga pala ako. Ang mga bata...

—Sino'ng mga bata ho ang tinutukoy n'yo, Kabisa? —mahina subali't agarang tanong ni Tata Ustong.

—Perping... Toring —tawag ng Kabisa. —Parine kayo. Narito na'ng Tatang ninyo.

Pumasok sa silid si Nana Didang na kanina pa nakatayo sa isang sulok. Paglabas ay kasama na sina Toring at Perping. Panunod na nagmano kay Tata Ustong ang dalawa. Bagaman namula ay hindi na rin nakatanggi ang matanda. Hindi niya nakuhang buhatin ang kanyang kamay sa mga bagong tanan. Na sa harap si Kabisang Ponciano.

(*Sundan sa pah. 30*)


MALAPIT NANG MAGSILANG NG SANGGOL ANG ASAWA NG SIGA-SIGANG SI PURONG, AT HINDI PA MAN AY NAGPAPAINOM NA ITO...
ITONG HIRAP SA MGA AMPAW, E... PINIPITIK MO NA'NG TAINGA, TULOG PA RIN ... HA-HA-HA-HA!!!
TAMA NA, PURONG!... BAKA UMIYAK 'YAN, E... HAGARIN KA NANG TAGA NG KANYANG TATAY!
SINO ANG HAHAGAD, ANG TATAY N'YA? E, DI PINAGBUHOL KO SILANG MAG-AMA! BAKA MASAYANG SILANG PAREHO!!! HA-HA-HA-HA!!!
TALAGANG SIGA 'YANG SI PURONG, ANO!
AT TALAGANG AMPAW NAMAN 'KAMO 'YANG SI TENTOY! NI HINDI MAKAIMIK, E!
ILANG SANDALI PA, PARANG WALANG UMINSULTO, WALANG KIBONG UMALIS SA TUBAAN SI TENTOY...
ADYOS, AMPAW! HA-HA-HA...!!!
SI PURONG MATON AT SI TENTOY AMPAW
katha ni ADING GONZALES
Guhit ni TEMY BAUTISTA
PALIBHASA'Y TALAGANG HINDI LUMALABAN SI TENTOY KAY PURONG, MATAGAL NANG GAYON ANG NANGYAYARI. KAPAG NAGPASIKAT SI PURONG, SI TENTOY ANG "PINALULUBOG". KAPAG NAGLALARO SI PURONG, SI TENTOY ANG "LARUAN". KAYA KAPAG NAGKAKATAGPO SILA SA TUBAAN AY GINAGABING NAROROON...
PAGKAALIS NI TENTOY AY NAGBIDA NA SI PURONG...
PATAYIN MO MAN YATA, HINDI RIN LALABAN, E!
BA'T KAYA HINDI MAN LANG MAKA-ANGAL SA IYO 'YANG SI TENTOY, HA, PURONG?
LUMABANG-LUMABAN LANG SIYA, E, DI NAGPAMISA AKO NANG SIYAM NA BESES!
BA'T NAMAN S'YANG LAGING NAKAKAINITAN MO, PURONG?
ALAM MO NAMAN TAYO, E! TALAGANG KUMUKULO'NG DUGO KO SA MGA DUWAG! TALAGANG LETGANG-LETGA TAYO SA MGA AMPAW, MOY!
E, PA'NO KUNG MAGKAANAK KA NG DUWAG NA GAYA NI TENTOY, PURONG?
E, DI PINATAY KO SA SAKAL ANG ANAK KO!!!
HATINGGABI NA NANG IWAN ANG TUBAAN NG BARKADA NI PURONG. LASING NA LASING SI PURONG, NAGKAKAEKIS ANG MGA TUHOD AT KAKANTA-KANTA HABANG DAANG PAUWI...
THEY CALL ME PURONG, PURONG... ANG SIGA-SIGA NG ATING BAYAN!!! THEY CALL HIM TENTOY, TENTOY... AMPAW... AMPAW...
WALANG KAMALAY-MALAY SI PURONG NA NANGANAK NA SI ENTANG, ANG KANYANG ASAWA...
DUDA 'KO SA BATANG 'YAN!
OO NGA, 'NO... BAKIT... NAKU ...EWAN KO LANG KUNG...
MASAMA ANG KUTOB KO SA BATANG ITO! MALAMANG NA "MAGKAGIYERA" SA BARYONG ITO KAPAG NAGKATAON!
AT DUMATING SI PURONG. SAPAT NA ANG AYOS NI ENTANG AT ANG MGA TAONG NASA KANILA UPANG MAUNAWAAN NIYA ANG NANGYARI... BAHAGYANG NAALIS ANG KANYANG PAGKALASING...
NANGANAK NA SI ENTANG KO... MAY BEYBI NA AKO! MAY BEYBI NA AKO... YUHOO, BEYBI...
NGUNI'T DAHAN-DAHANG NAPAANGAT SA BATA ANG MGA KAMAY NI PURONG NANG MAKITA ANG MUKHA NG KANYANG ANAK. MANDI'Y NATULUYANG NAWALA ANG PAGKALASING, NAPASIGAW SIYA...
KAMUKHA NI TENTOY!!!
DAHIL SA PAGKAKASIGAW NI PURONG, NAGISING SI ENTANG. MATAPOS PAGLIPAT-LIPATIN ANG TINGIN SA BATA AT KAY PURONG AY BUMADHA RIN SA KANYANG MUKHA ANG MATINDING PAGKATAKOT SA ASAWA... LARAWAN NG POOT SI PURONG... NAGLILIYAB ANG MGA MATANG NAKATITIG KAY ENTANG...
BAKIT KAMUKHA NI TENTOY ANG BATA? (*#!'6?) BAKIT???
TAPOS!


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
nina LEE FALK at PHIL DAVIS
BUHAT SA SAMPUNG MILYONG PLANETA, DI MABILANG NA MGA SASAKYANG NAGLULULAN NG MGA NAGWAGI SA TIMPALAK-KAGANDAHAN ANG TUMUNGO SA MAGNA!
MAGNA! NANANAGINIP BA TAYO? KURUTIN MO AKO, MANDRAKE. ARAY--! GISING AKO.
ANGAW-ANGAW NA MILYANG LAYO BUHAT SA ATIN--PINAKAMALAKING PLANETA SA KALAWAKAN--SINO ANG MANINIWALA?
ANG KAPITOLYO NG MAGNA--ILANG MILYANG TAAS--SING-SALIMUOT NG BAHAY NG GAGAM--MATIBAY PA SA BAKAL--MAY KISLAP NG KALANGITAN--
MGA NAGWAGI SA TIMPALAK--SA SAMPUNG MILYONG PLANETA--NAGTATAKA AT DI NAKATITIYAK NA TULAD NI NARDA--
MAGTULUY-TULOY KAYO SA TAGAHATOL NA MAKINA NG TIMPALAK-KAGANDAHAN.
TINGNAN MO, NARDA!
NAPAPANGITAN KAYA SILA SA AKIN--GAYA NG PAGKAKATINGIN KO SA KANILA?
PINASOK NI NARDA ANG MAKINANG TAGAHATOL--NA PIPILI NG LABINDALAWA SA SAMPUNG MILYON!
ANO ANG POSIBILIDAD KONG MANALO SA LAHAT NG BABAING ITO?
ITUTULOY
© 1957, KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.


Si Gus at si Jaq
ni Walt Disney
Naging desidido si Jaq na paghanapin ang alpiler ni Sinderela -- tubi or nat tu bi...
Kailangan nating hantingin ang pugad ni Lusiper. Lulusubin ko 'yon!
Awat na, Jaq...!
U-hu... pag lumusob si Jaq (hikbi) lulusob din si Gus!
... pag lusob nina Gus at Jaq... lulusob kaming lahat!
Huwag sana tayong maamoy ni Lusiper!
Baka hindi n'yo pa napipigurahan si Lusiper? Tingnan n'yo na, o...
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
Ako muna'ng papasok -- dito kayo!
Ma-maghihintay ka-kami!
Salamat na lamang at kasalukuyang naglalakbay ang diwa ni Lusiper...
Z Z Z Z
Distributed by King Features Syndicate.
3-3
Tapang, Jaq 'no?
Shh-h!
Ang alpiler ni Sinderela!
Itutuloy...

# "VILLA MUERTE"

Nobela ni
PATROCINA R. MARCELINO
Guhit ni
ELMER ESQUIVIAS

IKA-3 Labas

*Ang Sinundan—*

MATAPOS PATAYIN ANG MGA KASAMA AT IBAON ANG MAY ISANG MILYONG NAHOLD-AP NILA SA BANKO SA MAYNILA, SA KANILANG TAGUAN SA LALAWIGAN, ANG HOLD-APER NA SI DORO AY LUMULAN SA ISANG BUS PABALIK SA LUNSOD. NAKAKILALA NIYA SA BUS ANG MAG-ASAWANG ARMANDO AT MARINA, NA KASAMA ANG DALAWANG ANAK NA MALILIIT PA AY PATUNGONG MAYNILA UPANG DITO MAKIPAGSAPALARAN SA BUHAY. AGAD NAKAGILIWAN NINA ARMANDO SI DORO DAHIL SA PAKITA NITONG KABUTIHANG-LOOB SA KANILA...











HUWAG KANG MANGHINAYANG, ARMANDO... SAPAGKA'T ITINALAGA NG TADHANA NA ANG HOLD-APER NA YAO'Y MAGKAKAROON NG KAUGNAYAN -- NG NAPAKALAKING KAUGNAYAN SA BUHAY MO!

*Dudugtungan!*


"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-10 LABAS
ILANG ULIT NA TUMUGTOG SI TERESA SA KAHILINGAN NG MGA PANAUHIN. INGGIT NA INGGIT SI LULU. MAGTATAPOS NA ANG HULING TINUGTOG NI TERESA, NANG...
ang nakaraan—
NAGTAKA SINA LULU NANG DUMATING SI LEANDRO NA KASAMA SINA TERESA AT RENE. NAGPARINIG NA NAMAN NG MAPANGUTYANG PANGUNGUSAP SI LULU, NGUNIT HINDI NA PINANSIN NI TERESA. NAGDAOS NG PALATUNTUNAN, AT SA ISANG BILANG AY IPINAKILALA NI LEANDRO SI TERESA. HUMANGA ANG LAHAT NANG TUMUGTOG NG AKORDIYON ANG DALAGA. MAY MASAMANG BINABALAK SI LULU...
KAHANGAHANGA ANG BATANG IYAN, LULU!
SIYENGA, TIYONG!... PERO SA KABILA NIYAN AY NAKASISIRA NAMAN SA KARINGALAN NG PAGTITIPONG ITO!
KATHA NI EDDIE RAÑOLA
ANO ANG IBIG MONG SABIHIN?
IKARARANGAL BA NINYONG MASABI NG MGA TAO NA SA KASAYAHANG ITO'Y NAGING TAMPOK ANG ISANG PULUBING MAGHAPONG GUMAGALA SA LANSANGAN AT KAHALUBILO NG IBA-IBANG LALAKI?
...NAPIDIHO KONG HINDI! AT ANG BABAING IYAN AY GAYON! ISANG BABAING LANSANGAN! ...TSURA LANG, A! HINDI NA NAHIYA!
KAYA PALA PARANG NAMUMUKHAAN KO!... ALAM KO NA!... SIYA NGA PALA ANG NILIMUSAN NAMIN NOONG ISANG ARAW NA PUMARITO KA!
AT NGAYONG MAKILALA NA NINYO SIYA, LALO NA SIGURO KAYONG HINDI MAKAPAPAYAG KUNG SABIHIN KONG SIYA ANG KINAHUHUMALINGAN NI LEANDRO! AT IYAN ANG TUTOO!
NABIGLA SI DON FILEMON SA NARINIG. SIYA NAMANG PAGKATAPOS NG TUGTOG NI TERESA, AT MULING NAPUNO NG PALAKPAKAN ANG BULWAGAN...
KLAP!
KLAP!
KLAP!
KLAP!
KLAP!
MULING NILAPITAN NI LEANDRO SI TERESA AT IHAHATID SANA SA UPUAN, NGUNIT SA-LALAPIT SI LULU AT...
MAGALING ANG PAGKAKATUGTOG MO NGAYON!... AT DAHIL SA KASIYAHANG IDINULOT MO SA AMIN, AY ETO... TANGGAPIN MO ANG LIMOS NA DALAWANG PISO! BAKA NAMAN NALILIITAN KA PA RIYAN!
LULU!... HUWAG KA NAMANG LUBHANG MAGPAKAGASPANG SA HARAPANG ITO! ALALAHANIN MONG...
AT BAKIT? MASAMA BA PARA SA IYO NA LIMUSAN KO ANG ISANG PULUBING TALAGA NAMANG SA PARAANG IYAN NABUBUHAY?
AT IKAW... MINAMASAMA MO RIN BA ANG GINAGAWA KO? HINDI BA TUTOONG NAMAMALIMOS KA SA PAGTUGTOG NG INSTRUMENTO MONG IYAN SA MGA LANSANGAN?... NAITO... TANGGAPIN MO ANG LIMOS KO SA IYO! O...
NGUNIT ALAM NA ALAM MONG SA PAGKAKATAONG ITO'Y HINDI SIYA NAMAMALIMOS! NAGPAUNLAK SIYANG DUMALO RITO UPANG MAKAPAG-ABULOY LAMANG NG KASIYAHAN SA ATING MGA PANAUHIN... AT ITO'Y SA SARILI KO NA RING PAKIUSAP SA KANYA!
SASAGOT PA SANA SI LULU, NGUNIT SUMABAD NA SI DON FILEMON...
ITIGIL NA NINYO ANG SALITAAN!... SA GANANG AKIN AY WALANG MASAMANG GINAGAWA SI LULU! NILILIMUSAN LAMANG NIYA ANG ISANG PULUBI! NGUNIT KUNG AYAW TANGGAPIN, AY DI HUWAG!... PERO ANG MAGANDA NIYANG LAYON AY DI DAPAT MAGING SANHI PA NG INYONG SALITAAN!
INILAYO NANG DON SI LULU AT INIHATID SA ISANG UPUAN. MALABIS NA IKINAPAHIYA NI TERESA ANG PANGYAYARI, AT NANG DI NA MAPAGLABANAN ANG DAMDAMIN AY NAPABULALAS NG IYAK AT TINUNGO ANG PINTUAN. PATAKBONG SUMUNOD SA KAPATID ANG NAPAIYAK NA RING SI RENE...
ATE...
BUONG PAGHIHIRAP NG LOOB NA SUSUNDAN SANA NI LEANDRO SI TERESA, NGUNIT HUMADLANG SA MAY PINTUAN SI DON FILEMON...
PABAYAAN MO NA SILA, LEANDRO! HUWAG MONG IPAKILALA SA HARAPANG ITO ANG IYONG KABALIWAN!
NGUNIT, PAPA...
NARINIG MO ANG SINABI KO! HUWAG MO AKONG SUWAYIN!
ITUTULOY




*"Iniwasan ko nang magkasalubong man lamang kami..."*

# "Ang Hindi Lumingon..."

## Pagtatapat Ng Isang Istambay kay Benito R. Cadiz

MALAPIT na naman ang halalan. At ngayo'y nagugunita ko ang isang pangyayaring napapanahong isalaysay upang maging isang aral.

Panahon din noon ng halalan at abala sa pagkampanya ang mga kandidato. Ako'y pangulo ng isang kapisanan sa Sampalok, Maynila, at lider ng isang kandidato (hindi ko na babanggitin ang pangalan, dahil sa mga pansariling kadahilanan).

Kusang naglider ako sa kandidatong ito dahil sa ilang malaking tulong na nagawa sa akin, bukod sa nagkakaroon ako ng salaping ipinagkakaloob niya. Siya rin ang nagbigay sa akin ng siyento-singkuwento pesos na ginugol ko sa pagpapaospital sa aking asawa. Masasabi kong una'y sa Maykapal, utang namin sa kanya (sa tinutukoy kong kandidato) ang kaligtasan ng minamahal kong kabyak ng dibdib.

Sa ginagawa kong lubusang pagtulong sa kandidatura niya, lubusang napalapit sa akin ang kanyang loob at pagtitiwala. Di miminsang ipinadama niya sa akin ang pagkilala ng utang na loob.

—Ang ginagawa ko'y bahagi lamang ng aking pagganti sa mga kabutihan at tulong na nagawa ninyo sa akin, —ang madalas ko namang sabihin sa kanya. —At maging ang aking buhay, kung siyang kakailanganin, ay ihahandog ko sa inyo...

Lalo naman akong napamahal sa kandidatong ito. Ganap niya akong pinagtiwalaan sa lahat nang bagay. Ipinagkatiwala rin niya sa akin ang paghawak ng salaping ipinamumudmod sa iba niyang mga lider. At mangyari pang sa malimit na pagkakataon ay nagkakaroon din naman ako, sa kusang pag-aalok niya sa akin.

—Basta kailangan mo, huwag kang mahiyang gumasta sa salaping iyan... —ang malimit pa niyang sabihin kung ibinibigay sa akin ang salaping nauukol sa kanyang mga lider.

Kaya naman kung dumarating sa aming mag-asawa ang mahigpitang pangangailangan ay hindi na ako nag-aatubiling gamitin ang salaping iyon, o kumuha ng kaunting halaga,

Subali't hindi namin akalain ay biglang-biglang napasuong sa kagipitan ang kandidatong ito. Nagkaroon siya ng malaking usaping likha-likha lamang ng mga kalaban sa pulitika. Ipinagharap siya ng mga sakdal na pampamahalaan, kaya pansamantalang pinapagbitiw sa tungkulin habang hindi pa natatapos ang kanynag asunto.

Buhat nang magkaroon siya ng usapin ay lumamig-lamig ang init ng kanyang pagkampanya. Pati na ang salaping itinutustos sa kanyang mga lider ay hindi na gaanong saganang gaya nang dati. Isa ako sa nakadama ng naging bisa ng asuntong iyon pagka't hindi na rin ako mabigyang malimit ng salapi dahil sa kinasuungan niyang malalaking gugulin.

At habang nalalapit ang araw ng eleksiyon, napapansin naming humihina ang kanyang kandidatura, bukod sa kumalat pa ang lalong malungkot na balita. Tiyak daw na matatalo sa usapin ang aming kandidato, at maaaring mapasok sa bilangguan.

Para namang sinamantala ng isang kalabang kandidato, nilapitan kami at inakit kaming siya ang aming itaguyod.

—Hindi ko sinasabing nakukuha kayo sa salapi ... —ang wika pa ng kandidatong iyon. —Nguni't sa panahong ito ay kailangang magkaroon ng malaking puhunan sa isang kandidatura. Bagsak na ang inyong kandidato at wala na siyang magagasta sa pagkampanya. Pihong talo na siya. Kaya sayang lamang ang inyong pagod kung ang patuloy ninyong tatangkilikin ay "sa kangkungan" lamang pupulutin...

Marami pang sinabi at ipinaliwanag ang kandidatong iyon na humimok sa aming siya naman ang itaguyod. At dahil sa kami'y nagigipit na sa kabuhayan nang mga araw na yaon pagka't kinukulang na nga ng pagtutustos sa amin ang aming kadidato, ay natukso kaming kumambiyo. Kasama ako sa limang lider na nanumpa sa kandidatong iyon upang siya naman naming tangkilikin at itaguyod.

At nakaawas-awas kami sa aming gipit na kalagayan. Muli na naman akong tumanggap ng mga salaping "parating" ng kandidatong aming pinanigan.

Nalaman ng kandidatong "tinalikuran" namin ang katotohanan. Subali't sa halip na magalit ay parang binigyan pa kami ng matuwid.

—Hindi ko kayo masisisi, —ang wika pa sa akin nang ako'y malungkot na kausapin. —Sa kabila ng lahat, kailangang hangarin ninyo ang kabutihan ng inyong sarili. Mayroon kayong pamilya na siyang higit na dapat ninyong alalahanin. Wala na nga akong maibibigay na tulong sa inyo pagka't naubusan ako ng salapi sa aking asunto.

Buhat noon, hindi na kami nagkausap ng kandidatong ito na masasabi kong pinagkakautangan din namin ng malaking utang na loob. Subali't wala akong magagawa. Gaya ng sabi niya ay kailangan lamang na unang hangarin ko ang kabutihan ng aking pamilya. At ang bagay na iyan ay natatagpuan ko sa bagong kandidatong siya naming itinataguyod.

**Kung bakit pinagsisihan ko ang bagay na iyon?**

**Hindi kapanipaniwala. Nguni't parang himalang ang kandidatong "tinalikuran" ko nitong huli ay nanalo sa kanyang usapin at nanalo rin sa halalan pagka't tinangkilik ng mahihirap sa kanilang pook at sa maraming panig ng lunsod. Muli siyang nabalik sa kanyang tungkulin at higit pang "lumakas" kaysa dati.** Naging kaibigan siyang matalik ng yumaong Pangulong Magsaysay at maraming naipasok sa trabaho.


Samantalang ako, akong unang lider niya na naging malapit sa kanyang kalooban nang matagal din namang panahon, ay walang hanapbuhay at halos sumala na sa oras. Sapagka't ang kandidato namin ay natalo, at mangyari pang wala rin kaming napala nitong matapos na ang halalan.


Parang isang masakit na biro, minsan ay nagkita kami ng kandidatong tinalikdan ko. Noon ay dinalaw niya ang isang maysakit sa aming pook na binigyan niya ng tulong. Sa magiliw at mahinahong himig ng pagsasalita, sinabi niya sa akin na pumunta

(*Sundan sa pah. 30*)


# PAGKUKUMPUNI NG SAHIG NA TABLA

Kung ang dulo ng sirang sahig ay nakalitaw, pukpukin ang mga pako sa magkabilang dulo ng sirang tabla. Itaas sa pamamagitan ng pait ang nakikitang dulo ng sirang tabla at ipatong sa isang kahoy, tulad ng makikita sa A. Lagariin sa tapat ng bakad.





Kung walang makikitang dugtong sa buong haba ng tabla, butasan ang magkabilang dulo ng bahaging may sira. Putulin nang pahilis ang mga dulo sa pamamagitan ng isang pambutas na lagari (B).





Magkabit ng dalawang maliliit na kalang (C,C) na pagpapatungan ng bagong pirasong tabla.

Ang mga dulo ng tabla ay maaaring ipako o iturnilyo (E).

Lahat ng butas o putok na makita ay kailangang singitan ng kahoy na plastik.




## MGA PANGHALANG SA PINTO




Ang karaniwang mga panghalang sa pinto ay yari sa kahoy at metal.

Ang pinakasimpleng hugis na makikita sa larawan 1 ay yari sa matigas na kahoy at may butas sa gitna para sa turnilyo.

Ang mgà kalang na bakal at tanso ay may hugis na tulad ng na sa larawan 2.

Ang mga yari sa bakal ay mabibili sa sukat na mula 1½" hanggang 2½".

Ang mga panghalang na tanso naman ay mabibili sa sukat na ¾" — 2½", Ang dagdag na laki ay ¼".

Ang ibang uri ng panghalang na bakal ay mabili sa sukat na 1¾" — 2"; at ang panghalang na tanso ay sa sukat na ¾" — 1".

Higit na maganda ang hugis ng na sa larawan 3. Ang panghalang na ito ay nakakabit sa isang lapad ng tanso. Ang kaputol ay ikinakabit naman sa kaugnay na kabitan.


Ito'y ginagamit kung manipis ang tabla o kung ibig ng magandang panghalang. Lapad ang dulo ng turnilyong gagamitin sa pagkakabit nito. Ang isang ito ay hindi sisira sa gilid ng pinto, di tulad ng ibang nabanggit.

Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MALINAW AT MAGAGANDANG MGA MATA

ANG ARAW ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG




EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

## Kayo At...

*(Buhat sa pah. 9)*

Estados Unidos, hindi lubhang kailangan ang bakunang ito sapagka't dahil sa kataasan ng uri ng pamumuhay doon, ang sakit na tisis ay hindi nagiging suliraning gaya rito sa Pilipinas, sa Europa, o sa Timog Amerika. Di dapat kalimutan na bagaman at binabakunahan na ang mga bata, ito'y hindi rin dapat ilapit sa mga taong may sakit ng tuberculosis. Walang paraang pang-iwas sa sakit na nagliligtas dito ng 100%, at ito ay totoo rin sa BCG. Ang mga paalagaan ng mga sanggol (nurseries) at "Well Baby Clinics" ay nagbibigay na ngayon ng bakunang BCG.

**O UBONG-ASO — TETANO**
**O UBONG-ASO — TETANO**

Ang sama-samang ineksiyon laban sa tatlong sakit na ito ay nakitang mabisa rin. Walang ano mang pinsala pagkatapos ibigay. Ito ay sinisimulang ibigay kung tatlong buwan na ang sanggol, ang ikalawa ay kung 4 na buwan at ang huli ay kung 5½ na. Isang taon pagkatapos ng huling ineksiyon, bibigyan ng isang ineksiyong muli ang bata upang pasiglahin at gisingin ang bisa ng tatlong naibigay na. Isa pang pandagdag ang ibinibigay kung ang bata ay handa nang pumasok sa paaralan.

**BAKUNA sa BULUTONG**

Ang bakuna ay siyang pinakamabisang pang-iwas sa bulutong. Nababasa natin na maraming taon na walang nagkakaroon ng bulutong. Ang sanggol ay maaari nang bakunahan simula pa sa pagkakaroon nito ng limang buwan. Karaniwang itinatagubilin ng doktor na ibigay ito sa pagitan ng 6 hanggang 12 buwan ang bata. Ang bakuna para sa bulutong ay hindi dapat ibigay kung ang bata ay may mga singaw sa balat o sugat, at kung totoong mainit. Ang pagbabakunang muli ay ginagawa kung ang bata ay papasok na sa paaralan at kung panahon ng salot o epidemya nito.

**KOLERA — TIPUS — DISENTERYA**

Ang ineksiyon laban sa mga sakit na ito ay hindi ibinibigay kung di may 2 taon na ang bata at nagsisimula nang kumain ng mga pagkain ng matatanda sa labas ng tahanan... Bago sumapit sa ika-2 taon, ang pagpapakain ng bata ay nasusubaybayan kaya't ang pagdapo ng mga sakit na ito ay maiiwasan. Kung magkaroon ng mga sakit na tipus sa loob ng tahanan o kaya'y maging panahon nito, ang mga bata ay dapat na ring tumanggap ng ineksiyon kahit na maaga pa.

**TIGDAS**

May isang likha buhat sa inuman ng tao na tinatawag na "Immune Serum Globulin" na pumipigil at nagpapagaan sa tigdas. Hindi ito karaniwang ibinibigay sa mga bata sapagka't ang bisa ay tumatagal lamang ng mga 2 hanggang 6 na linggo, di gaya ng ibang gamot na pangmatagalan. Kaya't ito'y ibinibigay lamang sa mga nagkaroon na. Ang tigdas ay hindi kailangang sugpuing lubos sapagka't ang magkasakit nito ay hindi na nagkakaroon pa.

Walang gamot na pang-iwas sa bulutong-tubig at "influenza". Ang mga bakuna laban sa sipon ay hindi totoong mabisa nguni't ang bakuna laban sa polyo ay malapit nang gamitin at ang bisa nito ay kasiya-kasiya.

**ANG PAGKAHAWA**

Kapag ang bata ay nagkasakit, ang unang naitatanong natin sa ating sarili ay ito: "Paano niya nakuha ang sakit na ito?" At kayo'y nagtataka kung paano siya nahahawa. Huwag ninyong akalain na ang mga bata ay hindi tinatablan ng mikrobyo. Sa katunayan, sila pa nga ang madaling pasukin nito dahil sa kamuraan ng kanilang katawan.

Ang mga mikrobyo ay nagkalat sa lahat ng dako. May mga mababagsik at mayroon namang hindi. Hindi naman laging dapat asahan na sapagka't nabantad ang isang bata sa mikrobyo ay magkakasakit na kaagad ito. Nangyayari lamang ang pagkakasakit kung ang bata ay mahina at walang panlaban ang katawan at kung matagal nang nababantad sa taong nakakahawa. Maaari rin naman na kahit na malakas ang bata ay magkasakit din kung ang mikrobyo ay totoong mabagsik.

Ang mga mikrobyo ay nakakapasok sa loob ng bituka sa pamamagitan ng tubig at pagkain. Ganito ang nangyayari sa sakit na tipus, disenterya, at iba pang sakit sa bituka. Ang maruruming kamay, laruan, papel at iba't iba pa na nalalagay sa bibig, ay nagdadala rin ng mikrobyo. Ang mga maruruming inuman, kagamitan, at tsupong goma ay nagdadala rin ng mikrobyo sa bibig ng bata at ito ang pinagmumulan ng mga singaw at pamumula (stomatitis).

Maaari ring ang mga mikrobyo ay pumasok sa dinaraanan ng hininga sa pamamagitan ng ilong. Ang mga mikrobyo ng tisis ay nililipad ng hangin buhat sa mga natutuyong dura. Ang hanging ito kapag nasinghot ay pumapasok sa baga at ang mikrobyo ay naiiwan dito. Ang mga mikrobyo ng tigdas, beke, bulutong-tubig at bulutong ay napakalilit kaysa sa karaniwan at ito'y nagsisipasok sa katawan sa pamamagitan ng ilong.

Pinapasok din nito ang katawan sa pamamagitan ng balat ng tao kung ito'y may sugat, kamot, at sa pamamagitan ng kagat ng mga hayop gaya ng pusa, daga, aso, at ilang ibon... Nakarinig na kayo marahil ng pagpasok sa katawan ng mikrobyo ng tetano sa pamamagitan ng maruming sugat. Ang rabis o "hydrophobia" ay nanggagaling din sa mikrobyong pumapasok sa balat kung nakakagat ng aso o pusa. Ang pusod ng bagong silang na sanggol ay maaari ring pagdaanan ng mga mikrobyong natatago. Karaniwang hindi ito nakapinsala sa bata nguni't kapag nanghina dahil sa kakulangan ng pagkain at tulog, ang mga mikrobyong ito ay nagkakaroon ng pagkakataong sumalakay, dumami, at talunin ang mahinang katawan ng bata. Kaya't ang mga mikrobyong iyon ay nagiging kaaway ng katawan at kung manalo ay siyang pinagmumulan ng pagkakasakit.

**ANG PAGLIPAT NG MIKROBYO**

Nalalaman natin na ang mga mikrobyo ay palipat-lipat sa mga tao sa pamamagitan ng tuwiran at di-tuwirang pamamaraan. Ang paghalik ay isang tuwirang paraan ng pagsasalin ng mikrobyo. Ang tuberkulosis ay madalas nasasalin sa bata sa ganitong paraan.

Ang pagpasok ng mikrobyo sa katawan ng tao sa pamamagitan ng pagkain at tubig ay di-tuwirang paraan. Ang mga mikrobyo ng dumi ng isang taong maysakit ay maaaring makarating, sa kapabayaan, sa pagkain at inumin, at ito naman ang maghahatid sa bituka ng bata.

Isa pang halimbawa ng di-tuwirang paraan ay makikita sa malarya. Ang mikrobyo ng taong maysakit ay malilipat sa iba sa pamamagitan ng kagat ng isang uri ng lamok na tinatawag na "anopheles". Ang iba namang uri ng lamok ay maaaring magdala ng mga sakit ng dengge at "yellow fever" buhat sa isang maysakit nito.

Ang lahat ng mga mikrobyong ito ay maaaring talunin ng katawan ng bata kung ito'y malusog. Kaya't kailangan na ang pagkain, pagtulog, at ang kalagayang panlahat, ng bata ay subaybayang mabuti. Kasabay nito ang pag-iingat na mailayo siya sa pinagbubuhatan ng mga sakit.

Ang mga tagadala ng ganitong mikrobyo gaya ng mga lamok at pulgas ay dapat ingatang huwag padapuin sa mga bata. Dahil dito kung kaya't ang kampanya laban sa malarya ay sinisimulan sa pagpuksa sa mga tirahan ng mga lamok. Ang mga langaw at ipis ay dapat ding sugpuin. Nakikita ninyo kung paano ito nagdadala ng mikrobyo sa pamamagitan ng pagdapo sa mga maruruming bagay at sa pagkain at inumin... Kapag maraming langaw, nagkakaroon ng mga sakit sa bituka ang mga bata. Kaya't nakikita ninyo ang kahalagahan ng pagluluto ng mga pagkain at pag-iingat na huwag itong madapuan ng mga nasabing hayop.

(Subaybayan ang susunod na labas ng magasing ito sapagka't mababasa ninyo ang mahahalagang tagubilin tungkol sa pag-aalaga sa bata kung TAG-INIT at ang iba't ibang paraan ng pagsugpo sa maraming uri ng sakit.)

## PAGKAKATAON SA MGA KABATAAN...


Ang Magasin ng BAGONG BUHAY ay nag-aanyaya sa mga kabataan, nagsisipag-aral o hindi man, na magpadala ng kanilang maiikling akda (maaaring kuwento, sanaysay, artikulo o iba pang lathalain) at ilalathala namin kailanpama't maaari. Ito'y ibinunsod namin upang bigyan ng pagkakataon ang mga kabataang mahilig sumulat na makapagpalathala ng "mga bunga ng kanilang panitik."

Ang bawa't ipadadalang akda ay huwag kukulangin sa isang pahina at huwag namang hihigit sa dalawang pahina ng karaniwang papel-makinilya at makinilyado sa dalawang patlang. Maaari ring sulat-kamay, kailangan nga lamang na maging maliwanag ang pagkakasulat.

Ang bawa't malathalang akda ay pagkakalooban ng ₱5.00 pabuya.

Samantalahin ang pagkakataong ito. Maaaring ito na ang maging tuntungan sa paglikha ng pangalan ng sinumang karapat-dapat tanghaling kuwentista o manunulat.

Ipadala ang inyong akda sa: *MAGASIN NG BAGONG BUHAY, Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.*



# ibat ibang Kulay sa puting tabing

ni eddie rañola

Ito'y magandang pagkakataon sa kadalagahan. Ang Everlasting Pictures, tahanan ng mga pelikulang puno ng aksiyon, ay nagbunsod ng isang patimpalak. Naghahanap sila ng isang "Sarong Girl" na makakatambal ni Jesus "Og" Ramos sa pelikulang *Hundred Island*. Ang magiging gantimpala ang mapipiling "Sarong Girl" ay ang kontrato sa pagiging ganap na bituin.

Ang unang katangiang dapat taglayin ng maaaring magsisali sa timpalak na ito ay ang ganda ng pangangatawan. Kung makalalampas sa iba pang pagsusulit ay tiyak na tatanghaling bituin ng Everlasting Pictures.

Ang *Hundred Island* na siyang sanhi ng patimpalak na ito ay nakatakdang simulang isapelikula sa buwan ng Hulyo. Ito ay magiging isa sa pinakamalaking produksiyon ng taon, kung pagbabatayan ang ginagawang paghahanda sa pagsasapelikula nito, gayundin ang nakalaang malaking gugulin. Ang mamamahala ay si Felix Villar.

Dahil sa kakaunting panahon na lamang ang nalalabi sa timpalak, ang lupon ng mga hurado ay abalang-abala ngayon sa madaliang pamimili at pagsusuri sa mga nagsisilahok. Ang kinakailangang edad ng hinahanap na "Sarong Girl" ay mula sa 16 hanggang 21 taon, at ang taas ay hindi bababa sa 5 talampakan at 2 pulgada.

---

*Si Lolita Rodriguez ay mapapanood sa* Veronica *ng Sampaguita sa isang naiiba namang papel. Sa* Jack and Jill, *na siyang naging "break" ni Lolita sa pagiging bituin, ay napanood siya bilang isang siga-sigang tsuper na nagbalatkayong lalaki upang makatulong sa kanyang mga magulang. Sa* Gilda, *na pinagtagumpayan niya bilang pinakamahusay na artistang babae ng 1956, ay lumabas siyang isang pulubing nabubuhay sa lansangan. Ngayon, sa* Veronica, *ay mapapanood naman siya sa papel ng isang makaluma, walang ayos at simpleng-simpleng maybahay na ang malabis na pagpapabaya sa katawan ay siyang nagbunsod sa kanyang asawa upang "humanap ng ibang kandungan."*

*Sina Rogelio de la Rosa at Paraluman ay siyang kasama niyang tumutupad ng mga pangunang papel, sa direksiyon ni Mar. S. Torres.*

---

**Ang ilan sa mga pangunahing bituin ng LVN ay kasalukuyang abalang-abala sa paggawa ng isang marikit na panoorin — ang *Sanga-sangang* Puso** na pinamamahalaan ni Susana de Guzman. Isinasapelikula sa Bauang, La Union, naging kasiyasiya ang mga siyuting at inaasahang matatapos sa madaling panahon.

Sa pagsasapelikula ng *Sanga-sangang Puso* ay muling nagkaroon ng pagkakataon si Eddie Rodriguez na laging makasama at makausap ni Charito Solis. At ito'y sinasamantala ng binata upang muli't muling ibulong ang kanyang puso." Aywan nga lamang kung ano ang nagiging reaksiyon ni Charito, na nitong mga huling araw ay nabalitang kinahuhumalingan naman ng palikerong si Leroy Salvador.

Kasamang itinatampok sa pelikulang ito sina Rosa Rosal, Armando Goyena at Val Castelo. Katulong na mga bituin sina Milagros Naval, Jose Vergara at Rosa Aguirre.

---

*Napuno halos ng mga "teen-port noong Martes ng gabi dahil sa pag-alis ni Zaldy Zshornack na patungong Hollywood. Ilan sa mga dalagang nagsipaghatid sa paborito nilang bituin ang nagpabaon pa ng luha sa kanilang makisig na artista, samantalang ang kabinataan ay nagpabaon naman ng magagandang hangarin.*

*Mga ilang buwang mananatili si Zaldy sa Hollywood upang gawin nila roon ang* Sweetheart *ng C. H. Santiago*


**Kung hindi Kayo makapagsepilyo tuwing matatapos Kumain**

**Minsang Pagsesepilyo lamang sa pamamagitan ng COLGATE DENTAL CREAM ay**

✔ ***Maghapong*** **Sumusugpo sa Pagkasira ng Ngipin!**
✔ ***Karakarakang*** **Pumapawi sa Masamang Hininga!**
✔ **Pinananatiling *Maganda't Malinis* ang Ngipin!**



Karaka-rakang nagkakabisa ang Colgate's upang masugpo ang masamang hiningang nagsisimula sa bibig sa 7 sa bawa't 10 pangyayari. Minsang pagsesepilyo lamang ng Colgate's ay iniiwang higit na malinis at sariwa ang inyong bibig sa loob ng 12 oras o higit pa. Sadyang naiibigan ng kabataan ang kasiya-siyang lasang maanghang ng Colgate's. Kaya't naiibigan ni'ang gamitin lagi ang Colgate's sa pagsesepilyo ng ngipin tuwing matatapos kumain—ang pinakamabuting paraan na napag-alamang nakababawas sa pagkasira ng ngipin. Tandaan, upang matiyak ang ganap na kalusugan ng ngipin ay makipagkita sa inyong dentista makalawang beses sa isang taon

*Sapagka't*

**Colgate's ang tanging panlinis sa ngipin na may GARDOL* na sumusugpo sa pagkasira ng ngipin sa buong maghapon!**

Kaya't ang Colgate's ay hindi lamang lubusang nililinis ang ngipin — hindi lamang pinakikislap at pinagaganda ang ngipin — hindi lamang ganap na pinababango ang hininga — nguni't sinusugpo rin ang pagkasira ng ngipin sa loob ng 12 oras o higit pa!



Minsang pagsesepilyo ng Colgate's sa umaga —at minsang pagsesepilyo sa gabi—ay nagbibigay ng maghapon at magdamag na pananggalang laban sa nakasisirang asido. Ang Gardol ng Colgate's ay bumubuo ng pananggalang sa buong maghapon! May kasiyasiyang lasang maanghang na naiibigan ng buong pamilya.


* Colgate's Trade-Mark for Sodium N-Lauroyl Sarcosinate




**Ang Pinakamabiling "TOOTHPASTE" Sa Pilipinas**
**...Sa E. U. A. ...Sa Buong Daigdig!**

*KUNG KAYO'Y MAKAPAGSISIPILYO PAGKAKATAPOS KUMAIN, IYA'Y NAPAKAGALING — KUNG HINDI'Y. . .*

# Naito ang bagong GLEEM ng PMC ukol sa mga hindi makapagsipilyo pagkakatapos kumain!



Pananghalian sa New Europe

**MINSAN LAMANG PAGSISIPILYO**

**ay nakapupuksa ng mga mikrob-, yong sanhi ng pagkabulok ng ngipin at amoy ng bibig!**

Anong nagiging sanhi ng pagka-bulok ng ngipin? Mga mikrob-yo sa bibig. Lahat ay mayroon nitong mga mikrobyo. Ang Gleem na may katangi-tanging GL-70 ay nakapupuksa ng hanggang 90% ng mga mikrobyong ito — sinu-sugpo ang pagkabulok ng ngipin at amoy ng bibig!





MABIBILI SA 4 NA KARANIWANG LAKI!

## Sa Amerika, ang Gleem ay agad naging mabili.


Ang mga abalang Amerikano ay nangailangan ng isang toothpaste na mangangalaga maghapon sa minsan lamang pagsisipilyo!

Kung kayo, tulad ng maraming abalang tao, ay hindi makapagsipilyo pagkatapos kumain, gumamit ng Gleem — ang toothpaste na tumutugon sa makabagong suliraning ito. Napatutunayan sa mga siyentipikong pagsubok na sa minsan lamang pagsisipilyo ng Gleem bago mag-agahan ay mapananatiling presko ang inyong bibig sa buong maghapon!






**Mikrobyo sa bibig na pangunang sanhi ng pagkabulok ng ngipin at amoy ng bibig ay dumaraming tulad nito sa magdamag.**



**Minsan lamang pagsisipilyo ng Gleem ay nakapupuksa ng hanggang 90% ng mga mikrobyong ito.**



**Naiibigan ng mga bata ang napakainam na lasa ng Gleem!**

Ito'y inyo ring maiibigan. Ang Gleem ay may bago, mas preskong lasang kinawiwilihan ng mga bata. Madali silang mahimok sa palagiang paggamit ng Gleem!

**Gleem lamang ang may GL-70 — bagong panlinis at panlaban sa pagkabulok ng ngipin!**

Copyright PMC 1957